

# **Pagsipat Sa Programang Pangwika Ng Mga Institusyon Sa Mataas Na Edukasyon Pagkatapos Matanggal Ang Asignaturang Filipino: Batayang Programa Sa Pagpapaunlad Ng Kurikulum Alinsunod Sa Artikulo Xiv Seksyon 6 Ng Saligang Batas**

**Ms. Michelle Ann Montos Corpuz**

Faculty, School of Teacher Education, Holy Cross of Davao College

## **Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay sinuuri ang programang pangwika ng mga institusyon sa mataas na edukasyon matapos ang pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kurikulum batay sa *CHED Memorandum No. 20, Series of 2013*. Gamit ang *multiple case study*, sinuri ang epekto ng pagbabagong ito sa isang pribadong kolehiyo, isang pribadong unibersidad, at isang pambansang unibersidad. Ang teoretikal na balangkas ng *Language Policy and Planning (LPP)* nina Fishman at Cooper ang ginamit upang suriin ang *status planning, corpus planning, acquisition planning, at prestige planning* ng kanilang programang pangwika. Lumabas sa resulta na nagkaroon ito ng malawakang epekto sa mga guro, mag-aaral, at pangkalahatang programang pangwika. Nawalan ng hanapbuhay ng mga guro, bumaba ang kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, at nabawasan ang interes sa wika at kultura. Sa kabila ng ilang hakbang tulad ng *code-switching*, alternatibong pamamaraan sa pagtuturo, at pagdiriwang ng Buwan ng Wika, nananatiling kulang ang mga mekanismo upang mapanatili ang Filipino bilang midyum ng pagtuturo at akademikong disiplina. Iminumungkahi ng pag-aaral ang muling pagsusuri sa epekto ng CHED Memo No. 20 at ang posibilidad ng pagsasama ng Filipino sa kurikulum ng mas mataas na edukasyon. Mahalaga ang pagpapatibay ng wika upang mapanatili ang pambansang identidad at matiyak ang inklusibong edukasyon na tumutugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

*Mga susing salita: programang pangwika, mataas na edukasyon, asignaturang Filipino, CMO No. 20, Series of 2013, Language Policy and Planning (LPP)*

## **KABANATA 1**

### **Panimula**

*Ang Suliranin at Kaligiran*

Ang asignaturang pangwika ay patuloy na isang isyu na madalas na isinasantabi sa mas mataas na edukasyon, sa loob o labas man ng bansa. Sa kasalukuyang kalagayan, lumabas sa pag-aaral ni Barnawi (2018) na unti-unting pumapalit ang wikang Ingles sa wikang Arabic sa mga rehiyon ng Gitnang Silangan at Hilagang Africa. Sa mas mataas na antas ng edukasyon, binibigyang-prioridad at lehitimasyon ang

kaalamang nakukuha sa wikang Ingles. Nangangahulugan ito na ang kaalamang nakukuha sa wikang Arabic ay itinuturing na mababaw at isinasantabi. Sa katunayan, ang wikang Arabic ay kinikilala bilang isang "wika ng terorismo" na dapat mawala. Halimbawa, sa Saudi Arabia, pagkatapos ng 9/11, nagkaroon ng pagbabago sa mga patakaran sa edukasyon na nagpalakas sa *English Medium Instruction (EMI)* bilang kapalit ng *Arabic Medium Instruction (AMI)*. Ito ay dahil ang wikang Arabic ay binansagang nagkakalat ng Islamikong pundamentalismo na sumasalungat sa mga modernong ideya ng demokrasya at pagpaparaya na kinakatawan ng wikang Ingles.

Sa Pilipinas, tinanggal ang asignaturang Filipino sa mas mataas na edukasyon alinsunod sa *Commission on Higher Education (CHED) Memorandum No. 20, Series of 2013*. Paliwanag nito na ang programang K-12 ay pinalawak at pinalalim na ang pagtuturo ng Filipino mula Kindergarten hanggang Senior High School, kaya itinuring ng CHED na sapat na ang kaalaman sa Filipino sa mga mas mababang antas ng edukasyon. Dahil dito, inalis ang Filipino sa kurikulum ng mas mataas na edukasyon. Kasabay nito, ang CMO No. 20 ay naglayon ding bawasan ang mga unit sa *General Education Curriculum (GEC)* upang magbigay-daan sa mas maraming oras para sa mga kursong espesyalisado, at mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral na makipagsabayan sa *global labor market*. Gayunpaman, ayon sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng Saligang Batas, dapat gamitin ang wikang Filipino bilang wikang panturo sa edukasyon, kabilang na ang mas mataas na antas. Dahil dito, binigyang pagkakataon ng CMO No. 20 na ituro ang mga core courses sa Filipino o Ingles, kabilang ang mga kursong: *Understanding the Self, Philippine History, Contemporary World, Mathematics, Purposive Communication, Art Appreciation, Science, Technology and Society, at Ethics*.

Ayon sa pag-aaral ni Cortes et al. (2024), lumabas na nakaranas ng takot ang mga mag-aaral sa Mandaue City College sa paggamit ng wikang Filipino kahit sila ay nasa antas ng kolehiyo na. Ipinakita ng pag-aaral na mahalaga pa rin ang Filipino at hindi dapat alisin ang mga asignaturang may kinalaman sa pambansang wika kahit sa mas mataas na antas ng edukasyon. Dahil dito, labis na kinakailangan ang pag-aaral na ito upang suriin at punan ang puwang na kaalaman sa pagkakatuugma ng kurikulum ng mataas na edukasyon sa Artikulo XIV, Seksyon 6 ng Saligang batas, na malinaw na nagsasaad na ang Filipino ang ating pambansang wika at dapat itong gamitin bilang pangunahing midyum sa komunikasyon at pagtuturo.

#### *Kahalagahan ng Pag-aaral*

Binibigyang-diin ng pag-aaral na ito ang kahalagahan ng Filipino hindi lamang sa paghubog ng pagkakakilanlang kultural kung hindi pati na rin sa pagpapalalim ng diwa ng pambansang kamalayan ng mga mag-aaral. Ang masusing pag-unawa sa papel ng Filipino bilang asignatura at wikang panturo ay nagbibigay-alam sa mga tagapaglikha ng polisiya, sa loob o labas man ng bansa at kasama na rin dito ang mga organisasyong pangwika at mga institusyong pang-edukasyon tulad ng Kongreso, Komisyon ng Wikang Filipino (KWF), Commission on Higher Education (CHED) at iba pa.

Mahalaga ang ganitong pag-unawa upang tukuyin ang pangangailangan para sa mga inklusibong patakaran sa wika na sumusuporta sa pambansang pagkakakilanlan at sa pagpapalawak ng kamalayan sa kultura. Bukod dito, ang mga natuklasan mula sa pag-aaral ay maaaring magsilbing gabay sa pagbuo ng mga kurikulum na nagsasama ng Filipino, na hindi lamang nanghihikayat ng pagkatuto kung hindi pati na rin ng isang holistikong karanasan sa edukasyon na umaayon sa mga layunin ng pambansang pagkakakilanlan. Sa ganitong paraan, ang edukasyon ay magiging mas makabuluhan at angkop sa konteksto ng kulturang Pilipino.

#### *Paglalahad ng Suliranin*

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masipat ang programang pangwika ng mga institusyon sa mataas na edukasyon pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay may tunguhing masagot ang mga katanungang:

- Ano ang mga hamon tungkol sa programang pangwika ng mga institusyon sa mataas na antas ng edukasyon pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino?
- Ano ang mga pamamaraan o mekanismo sa pagharap sa mga isyu tungkol sa programang pangwika ng mga institusyon sa mataas na antas ng edukasyon pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino?
- Ano ang mga aral na mupupulot mula sa mga naging karanasan ng mga institusyon sa mataas na antas ng edukasyon sa pagtugon sa isyu sa pagtatanggal ng asignaturang Filipino?

#### *Mga Pagpapalagay*

Ipinapalagay ng pag-aaral na ang pagtanggap ng Filipino bilang asignatura sa mas mataas na edukasyon ay hindi lamang isang administratibong pagbabago kung hindi isang repormang may malawakang epekto sa mga guro, mag-aaral, at pangkalahatang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Bawat institusyon ay may natatanging tugon sa pagbabagong ito, batay sa kanilang konteksto, kultura, at patakarang pang-edukasyon. Pinaniniwalaang nagdulot ito ng negatibong epekto higit na ang pagbaba sa kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika, at paghina sa pagpapahalaga sa kulturang Pilipino. Dahil ang wika ay isang mahalagang bahagi ng pambansang identidad, ang pagbawas ng presensya nito sa mas mataas na edukasyon ay maaaring magdulot ng pangmatagalang epekto sa paggamit at pagpapahalaga rito ng susunod na henerasyon. Bagama't ipinatupad ng CHED Memo No. 20, Series of 2013, ang pagtanggap ng Filipino sa kurikulum, may kalayaan pa rin ang mga kolehiyo at unibersidad na bumuo ng sariling patakarang pangwika upang mapanatili ang Filipino sa kanilang programa. Dahil dito, ipinapalagay na may pangangailangan sa pagsusuri at muling pagsasaalang-alang ng naturang patakaran, lalo na kung mapapatunayan ang negatibong epekto nito sa kalidad ng edukasyon at paggamit ng Filipino bilang wikang panturo.


#### *Teoretikal na Balangkas*

Ang pag-aaral na ito ay batay sa *Language Policy and Planning (LPP) Theory* nina Joshua A. Fishman at Robert L. Cooper (1989). Nakatuon ito sa mga desisyon tungkol sa paggamit ng wika sa iba't ibang antas ng lipunan, partikular sa mga institusyon tulad ng pamahalaan at paaralan. Tinukoy nito na may apat na dimensyon sa pagpapalano ng wika; (1) ang ***status planning***, ito ang pagkilala ng pamahalaan sa kahalagahan ng isang wika sa iba pang wikang ginagamit, gayundin sa alokasyon ng wika at ang itinakdang gamit nito; (2) ang ***corpus planning*** na tumutukoy sa pormulasyon ng mga reporma sa ispelang, paglikha ng mga salita at pagbuo ng makabagong uri ng pagsulat; (3) ang ***acquisition planning*** na nakapokus sa pagtuturo at pagkatuto ng iba't ibang wika; at (4) ***prestige planning*** na kinabibilangan ng pagbabago ng mga saloobin at pananaw ng isang wika sa loob ng lipunan.

Inilahad nina Fishman at Cooper na ang mga dimensyon ng LPP—*status planning*, *corpus planning*, *acquisition planning*, at *prestige planning*—ay may mahalagang papel sa pagbuo ng mga patakaran sa wika sa lipunan. Ang bawat dimensyon ay nakatuon sa iba't ibang aspekto ng wika, na sama-samang bumubuo ng isang komprehensibong balangkas para sa pagtugon sa mga isyu ukol dito.

Sa pag-aaral na ito, ang LPP ay nagsilbing patnubay sa pagsusuri ng pagtanggap ng Filipino bilang kinakailangang asignatura sa mataas na antas ng edukasyon. Sa pamamagitan ng pag-angkla sa LPP, masusuri kung paano ang desisyong ito ay nagpapakita ng mas malawak na patakaran sa wika at ang mga epekto nito sa pambansang pagkakakilanlan, mga resulta sa edukasyon, at paggamit ng wika.

*Paradaym*



**Talaguhitan 1. Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral**

**KABANATA 2**

**Metodolohiya**

*Disenyo ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo na may pamamaraang *multiple case study*, na itinuturing na angkop para sa pagsusuri ng mga komplikadong penomena sa mga tunay na konteksto (Creswell & Poth, 2020). Ang pamamaraang ito ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa mga tugon ng iba't ibang institusyon sa mas mataas na antas ng edukasyon hinggil sa pagtanggap ng Filipino sa kanilang mga programang pangwika, habang nagbibigay ng pagkakataon na ikumpara ang mga pananaw mula sa magkakaibang konteksto.

*Pook ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay partikular na nakatuon sa mga piling institusyon sa mas mataas na antas ng edukasyon sa lungsod ng Davao. Sinuri ng pananaliksik ang mga programang pangwika ng tatlong (3) institusyon na kinilala batay sa kanilang magkakaibang katangian- isang pribadong kolehiyo, pribadong unibersidad, at pambansang unibersidad. Ang mga institusyong ito ay pinili dahil sa kanilang makabuluhang impluwensya sa mas mataas na edukasyon. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa lokal na konteksto ng mga institusyong ito, ang pag-aaral ay naglalayon na matuklasan kung paano nakaaapekto ang pagbabago ng patakarang ito sa edukasyon ng wika at pagkakakilanlang pangkultura sa mga mag-aaral.

*Kalahok ng Pananaliksik*

Karaniwang kasama sa *multiple case study* ang tatlo (3) hanggang limang (5) kaso para sa epektibong paghahambing nang hindi nalilimita ang lalim ng pagsusuri. Ang isang kaso ay maaaring tumutok sa isang

indibidwal, isang grupo, o isang organisasyon, at karaniwang may 5–10 kalahok sa bawat kaso upang magbigay ng mas komprehensibong pag-unawa (Creswell & Poth, 2020).

Ang bawat institusyon ay magbibigay ng magkakaibang lupon ng mga kalahok, kabilang ang: mag-aaral, kaguruan, at tagapangasiwa ng institusyon.

Ang mga gurong kalahok sa pag-aaral ay nagtuturo sa mga kolehiyo o unibersidad na nakaranas ng kurikulum na binago dahil sa pagtanggap ng asignaturang Filipino. Kabilang ang mga nagtuturo ng Filipino o iba pang asignaturang pangwika tulad ng Panitikan o Komunikasyon, upang masuri ang kabuuang epekto ng pagbabago. Sila ay aktibong nagtuturo o nagturo sa nakaraang 3-5 taon at handang lumahok sa mga panayam o *focus group discussions (FGD)*. Mahalaga ring may kaalaman sila sa mga patakaran ng kanilang institusyon hinggil sa programang pangwika, lalo na sa pagtuturo ng Filipino.

Ang mga mag-aaral na kalahok ay kasalukuyang nag-aaral sa kolehiyo o unibersidad na apektado ng pagtanggap ng asignaturang Filipino upang magbigay ng sariwang pananaw sa pagbabago ng kurikulum. Kasama ang mga nakaranas ng direktang epekto nito, lalo na ang mga hindi kumukuha ng kursong pangwika tulad ng BSED o AB Filipino, dahil sila ang malamang na pinakaapektado. Dapat handa silang lumahok sa mga panayam at FGDs, at bukas sa pagbabahagi ng kanilang mga karanasan. Sila rin ang mga mag-aaral mula sa ikatlo at ikaapat na taon upang makuha ang mas malawak na perspektiba.

Ang mga tagapangasiwa na kalahok ay kasalukuyang nasa mga posisyon tulad ng dekan, direktor ng akademiko, o pinuno ng kurikulum sa mga kolehiyo o unibersidad na nakaranas ng pagbabago sa kurikulum kaugnay ng pagtanggap ng asignaturang Filipino. May karanasan sila sa pamamahala ng programang pangwika, partikular sa Filipino at lokal na wika, at direktang sangkot sa mga desisyon sa pagtanggap ng asignaturang Filipino. Sila ay handang lumahok sa mga panayam at FGDs, at may sapat na kaalaman sa patakaran ng kanilang institusyon hinggil sa edukasyon at wika upang masuri ang kabuuang konteksto ng mga pagbabagong ito.

#### *Hakbang sa Paglikom ng Datos*

Ang unang hakbang sa paglikom ng datos ay ang paghahanda ng mga instrumento, tulad ng mga tanong para sa panayam sa mga guro, mag-aaral, at tagapangasiwa na nakatuon sa mga hamon, pamamaraan sa pagharap ng mga hamon, at mga natutuhan pagkatapos matanggap ang asignaturang Filipino at mga pagbabagong pangkurikulum (Creswell & Poth, 2018). Ang paraan na sinunod ng pag-aaral na ito para sa paglikom ng datos ay ang *a priori technique*.

Pagkatapos nito, hinikayat ang mga kalahok mula sa mga napiling institusyon. Pumili ng iba't ibang guro, mag-aaral, at tagapangasiwa at sinigurong may nakasulat na pahintulot mula sa kanila upang mapanatili ang kanilang mga karapatan at pagiging kompidensyal (Merriam & Tisdell, 2015). Sa proseso ng pagkolekta ng datos, isinagawa ang panayam sa komportableng kapaligiran at ni-record ito na may pahintulot ng kalahok para sa tumpak na transkripsyon.

Sa huli, mahalaga ang kalidad at kaangkupan ng nakolektang datos. Gumamit ng triangulasyon ang pag-aaral at ito ay sa pamamagitan ng *Focus Group Discussion o FGD*, upang matibay ang kredibilidad ng mga natuklasan (Patton, 2015). Para sa *FGD*, pinamahalaan ang talakayan upang mahikayat ang bukas na interaksyon at kinolekta ang mahahalagang impormasyon mula sa mga kaugnay na dokumento. Ang mga transkripsyon ng mga panayam at talakayan ay dapat nakaayos at nakategorya upang mas mapadali at makatutulong sa sistematiko at etikal na paglikom ng datos para sa pagsusuri.

#### *Hakbang sa Pagsusuri ng Datos*

Ang unang hakbang sa pagsusuri ng datos ay ang pag-organisa ng impormasyon mula sa mga panayam at *FGD*. Naisulat ang mga *audio recording* upang makuha ang kompletong datos, at pagkatapos ay nahanay



ang mga transkripsyon batay sa mga temang lumitaw (Creswell & Poth, 2018). Pagkatapos, unang ginamit ang *thematic analysis*, kung saan tinukoy ang mga tema sa bawat kaso gamit ang kwalitatibong paraan tulad ng *coding* para suriin ang datos mula sa mga panayam. Pagkatapos matukoy ang mga tema, ginamit ang *cross-case analysis* upang ihambing ang mga ito sa iba pang kaso, na naglalayong tukuyin ang mga pagkakatulad at pagkakaiba. Sa prosesong ito, maaaring makabuo ng *meta-themes* na naglalarawan ng mas malaking *pattern*. Ang *thematic analysis* ay nagbibigay ng detalyadong pag-unawa sa bawat kaso, habang ang *cross-case analysis* ay nag-alok ng pangkalahatang pananaw sa mga *pattern*, na nagresulta sa pagtukoy ng kakaibang karanasan ng iba't ibang kalahok at naging sanhi ng mas malalim na mga aral o konklusyon (Cruzes et al., 2020).

#### *Pagiging Mapagkakatiwalaan ng Pag-aaral*

Mahalaga ang pagtiyak sa pagiging mapagkakatiwalaan ng pag-aaral na ito upang mapatunayang maaasahan ang mga natuklasang impormasyon. Ang pagkamapagkakatiwalaan ay binubuo ng apat na pangunahing aspekto: kredibilidad, kakayahang ilipat, maaasahan, at makukumpirma (Lincoln & Guba, 1985). Ang bawat aspekto ay mahalaga upang suriin ang kalidad ng pag-aaral at masiguro na ang mga natuklasan ay maaasahan at kapaki-pakinabang sa mga talakayan at patakaran.

Ang **kredibilidad** ay tumutukoy sa katotohanan ng mga natuklasan. Upang mapabuti ito, ginamit ang ilang estratehiya para sa kredibilidad ng pag-aaral. Ang disenyo at metodolohiya ng pananaliksik ay malinaw at maayos na nakabalangkas, kasama ang mga metodong ginamit sa paglikom ng datos gaya ng panayam at FGD, pati na rin ang pagsuri sa mga ito gamit ang *thematic analysis* at *cross-case analysis*, na mahalaga para sa kredibilidad (Creswell & Poth, 2016). Ang mga pamantayan sa pagpili ng kalahok ay ipinaliwanag din upang matiyak ang representasyon ng populasyon (Robinson, 2014). Isinagawa ang triangulasyon sa pamamagitan ng paggamit ng pangkatang panayam upang patatagin ang mga natuklasan (Flick, 2018). Ang pagsusuri ng mga kasamahang eksperto ay makatutulong sa pagtukoy ng bias o kakulangan (Aguinis & Edwards, 2014), habang ang *reflexivity* ay mahalaga upang kilalanin ang posibleng bias at limitasyon sa proseso (Finlay, 2002). Mahalaga rin ang pagsunod sa etikal na pamantayan, kabilang ang pagkuha ng pahintulot at pagiging kompidensyal ng datos (Lynch, 2016). Sa huli, inilahad ang mga natuklasan sa isang malinaw at organisadong paraan, na may wastong sipi at reperensya, upang maipakita ang kontribusyon sa umiiral na kaalaman (Merriam & Tisdell, 2015).

Ang **kakayahang ilipat** ay tumutukoy sa kakayahang mailapat ang mga natuklasan sa iba pang konteksto. Upang mapabuti ito, ipinakita kung paano ang mga natuklasan ng pag-aaral ay maaaring mailapat sa ibang institusyon ng mas mataas na edukasyon, lalo na sa mga kolehiyo o unibersidad na may katulad na pagbabago sa kurikulum (Maxwell, 2012). Kasama rito ang *comparative analysis* na nagpapakita ng mga pagkakatulad at pagkakaiba ng mga programang pangwika, na makatutulong sa mga mananaliksik na matukoy ang mga salik na nakaaapekto sa mga ito (Yin, 2017). Ibinigay rin ang mga praktikal na rekomendasyon para sa pagpapaunlad ng kurikulum at programang pangwika, na magpapalawak sa diskurso sa edukasyon (Merriam & Tisdell, 2015). Inilahad ang mga natuklasan sa mas malawak na konteksto ng mga isyu sa wika at edukasyon upang ipakita ang koneksyon ng epekto ng pagtanggap ng asignaturang Filipino sa iba pang usaping pang-edukasyon, na nagpapalakas sa kakayahang ilipat ng pag-aaral (Holliday, 2007).

Ang pagiging **maaasahan** ay tumutukoy sa katatagan ng mga natuklasan. Upang ilahad ang pagiging maaasahan ng pananaliksik, mahalagang isinama ang mga sumusunod na aspekto. Una, ang sistematikong pamamaraan ng paglikom ng datos, tulad ng mga panayam at FGD, na nagtataguyod ng kalinawan at maaaring gamitin pa ng iba sa ibang konteksto (Creswell & Creswell, 2018). Pangalawa, ginamit ang

angkop na metodolohiya sa pagsusuri ng datos, gaya ng thematic analysis at cross-case analysis, upang matiyak ang katumpakan ng mga natuklasan (Braun & Clarke, 2006). Ang triangulasyon, na gumamit ng iba't ibang mapagkukunan ng datos, ay nakatulong sa pagbibigay ng mas komprehensibong resulta (Flick, 2018). Mahalaga rin ang pagpapatunay mula sa mga eksperto upang matukoy ang bias at limitasyon ng pag-aaral (Aguinis & Edwards, 2014). Gayundin, dapat isaalang-alang ang mga limitasyon ng pananaliksik upang mapanatili ang kalinawan (Finlay, 2002). Sa wakas, ang pagsunod sa mga etikal na pamantayan, tulad ng pagkuha ng pahintulot at pagiging kompidensyal ng datos, ay mahalaga para sa integridad ng pananaliksik (Lynch, 2016). Ang mga aspektong ito ay nagtataguyod ng pagiging maaasahan ng pag-aaral na nagbigay ng mahalagang impormasyon sa larangan ng edukasyon.

Ang pagiging mapagkakatiwalaan ng pag-aaral na ito ay tiniyak ng aspektong *makukumpirma* sa pamamagitan ng maingat na dokumentasyon at malinaw na pamamaraan sa pagsusuri ng datos. Una, isinagawa ang sistematikong triangulasyon, kung saan pinagtugma ang datos mula sa mga panayam, *focus group discussions* (FGD), at pagsusuri ng kaugnay na dokumento upang mapatibay ang mga natuklasan (Patton, 2015). Ikalawa, isinagawa ang *peer debriefing*, kung saan kinonsulta ang iba pang eksperto sa larangan upang suriin ang interpretasyon ng datos at matiyak na walang *bias* o maling pagpapakahulugan (Lincoln & Guba, 1985). Ikatlo, ipinatupad ang *member checking*, kung saan binigyan ng pagkakataon ang mga kalahok na repasuhin ang resulta ng pananaliksik upang kumpirmahin ang katumpakan ng kanilang mga pananaw (Creswell & Poth, 2018). Higit pa rito, ang detalyadong paglalahad ng proseso ng pagkalap at pagsusuri ng datos ay nagbibigay-daan sa ibang mananaliksik na muling suriin o ulitin ang pag-aaral upang tiyakin ang pagiging maaasahan ng mga natuklasan (Merriam & Tisdell, 2015). Ang mga hakbang na ito ay nagpapatibay sa integridad ng pananaliksik, na nagtitiyak na mapagkakatiwalaan ang pagsusuri sa programang pangwika ng mga institusyon sa mas mataas na antas ng edukasyon pagkatapos matanggal ng asignaturang Filipino.

### KABANATA 3


#### Resulta

Ang kabanatang ito ay nagpapakita sa resulta ng programang pangwika ng mga institusyon sa mataas na edukasyon pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino. Dito binibigyang diin ang paradaym ng bawat kaso sa pag-aaral, sinusundan ng presentasyon sa mga tema, pananaw, at paninindigan ng mananaliksik. Ang mga resulta ay inayos batay sa mahahalagang tema na lumitaw mula sa mga kwalitatibong datos.

#### Kaso 1- Pribadong Kolehiyo

Tinuklas ng bahaging ito ang mga hamon, mekanismo sa pagharap, at mga aral na natutuhan sa Kaso 1, na nakatuon sa programang pangwika ng isang pribadong kolehiyo. Gamit ang teoretikal na balangkas ng Language Policy and Planning (LPP), sinuri nito kung paano nakaaapekto ang iba't ibang aspekto ng pagpaplanong pangwika sa institusyon, kabilang ang *status planning*, o ang pagkilala ng institusyon sa kahalagahan ng isang wika kumpara sa iba pang wikang ginagamit; *corpus planning*, na tumutukoy sa pormulasyon, reporma, at pagbuo ng makabagong anyo ng pagsulat; *acquisition planning*, na nakapokus sa pagtuturo at pagkatuto ng iba't ibang wika; at *prestige planning*, na sumasaklaw sa pagbabago ng mga saloobin at pananaw patungkol sa isang wika sa loob ng lipunan.

Ipinapakita sa Talaguhitan 2 ang binagong paradaym ng mga hamon, mekanismo sa pagharap, at mga aral na natutuhan ng mga administrador, guro, at mag-aaral ng isang pribadong kolehiyo kaugnay sa kanilang programang pangwika matapos ang pagtanggap ng asignaturang Filipino.



Talaguhitan 2. Kaao 1- Programang Pangwika ng Pribadong Kolehiyo Matapos ang Pagtanggap ng Asignaturang Filipino: Isang Pag-uuri sa Pamamagitan ng Lente ng Teorya ng Language Policy and Planning (LPP) niina Joshua A. Flahman at Robert L. Cooper

*Mga hamon tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Kolehiyo pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino*

Batay sa binagong paradaym sa itaas, malinaw na umiiral ang mga pangunahing hamon kaugnay sa programang pangwika ng Pribadong Kolehiyo pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino. Ang pagtanggap ng mga asignaturang Filipino ay nagdulot ng malalim na epekto sa iba't ibang aspekto ng edukasyon sa pribadong kolehiyo. Una, sa ilalim ng *status planning*, nagresulta ito sa pagkawala ng trabaho para sa maraming guro ng Filipino, na napilitang humanap ng ibang larangan. Pangalawa, sa *corpus planning*, nagkaroon ng suliranin ang mga pribadong kolehiyo sa pagtuturo ng Filipino dahil sa



patuloy na pagpili sa Ingles bilang midyum ng pagtuturo. Pangatlo, sa *acquisition planning*, nagkaroon ng kakulangan sa kasanayan sa Filipino, lalo na sa mga larangang nangangailangan ng kahusayan sa wika, ang pagtuturo. Pang-apat, sa *prestige planning*, bumaba ang interes ng mga mag-aaral sa Filipino matapos itong alisin sa General Education Curriculum (GEC). Higit sa lahat, ang kawalan ng suporta ng institusyon para sa Filipino ay sumasailalim sa lahat ng dimensyon ng pagpapalano, na nagpapalala sa mga nabanggit na hamon.

#### *Mga pamamaraan o mekanismo sa pagharap sa mga isyu tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Kolehiyo pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino*

Kaugnay sa nabanggit na hamon, suliranin, at isyu ng pribadong kolehiyo, ang institusyon ay kakikitaan din ng mga pamamaraan upang harapin ang mga isyu tungkol sa programang pangwika pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino. Bilang pagtugon sa mga pagbabago, isinagawa ang iba't ibang hakbang sa ilalim ng mga dimensyon ng pagpapalano: una, sa *corpus planning*, ang mga guro ay inalok ng alternatibong papel sa pagtuturo tulad ng Kasaysayan at Pagbasa sa Sining Biswal; ikalawa, sa *acquisition planning*, nagkaroon ng mga inisyatibo tulad ng pagsasama ng Filipino sa Competency Appraisal Skills (CSA) para sa mga mag-aaral na magiging guro at pag-imbiba ng mga eksperto para sa rebyu nito, kasabay ng pag-aaral nang mag-isa ng mga mag-aaral gamit ang internet upang punan ang kakulangan sa kaalaman; at panghuli, sa *prestige planning*, ipinagdiwang ng institusyon ang Buwan ng Wika bilang pagpapahalaga sa wika.

#### *Mga aral na mupupulot mula sa mga naging karanasan tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Kolehiyo pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino*

Ang pribadong kolehiyo ay nagpapahalaga sa Filipino sa mataas na antas ng edukasyon. Mula sa kanilang pananaw, mahalaga ang Filipino, lalo na sa mga programang pang-edukasyon, upang mapanatili ang mataas na antas ng kasanayan. Iminungkahi rin ang estratehikong paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa Edukasyon sa Pagpapakatao upang mapanatili ito sa mataas na antas ng edukasyon. Nanawagan din ang kolehiyo sa CHED at sa pamahalaan na muling suriin ang mga batas tungkol sa pag-aalis ng Filipino sa kurikulum, na nagbibigay-diin sa kahalagahan nito sa pangkalahatang edukasyon. Maraming mag-aaral ang nagpahayag ng pagnanais na ibalik ang Filipino bilang asignatura sa kolehiyo, lalo na para sa mga mag-aaral sa edukasyon na magtuturo ng Edukasyon sa Pagpapakatao at Araling Panlipunan, dahil sa kanilang kakulangan sa sapat na akademikong paghahanda upang epektibong magamit ang Filipino sa pagtuturo.

#### *Pananaw at Posisyon ng Mananaliksik*

Batay sa komprehensibong pag-aaral ng programang pangwika ng Pribadong Kolehiyo, naninindigan akong ang pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kurikulum ay nagdulot ng maraming hindi inaasahang kahihinatnan na puminsala sa apat na dimensyon ng paradaym ng pagpapalano ng wika: *status, corpus, acquisition, at prestige planning*.

Sa aking pagsusuri, kritikal ang papel ng wikang Filipino hindi lamang bilang bahagi ng ating pambansang pagkakakilanlan kung hindi bilang mahalagang kasangkapan sa mabisang pagtuturo at pagkatuto, lalo na sa mga kursong tulad ng Edukasyon sa Pagpapakatao at Araling Panlipunan. Ang kawalan ng sapat na pagsasanay sa Filipino ay lumilikha ng henerasyon ng mga guro na nahihirapang magpahayag sa sariling wika, isang kabalintunaan na pumipinsala sa kalidad ng edukasyon.

Nakakakumbinsi ang patunay na nagmumula sa mga karanasan ng pribadong kolehiyo na ang mga hakbang na ginawa upang punan ang puwang tulad ng paglipat ng mga guro sa ibang asignatura at pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay hindi sapat upang tugunan ang sistematikong pagkawala ng Filipino


sa akademikong espasyo. Ang *prestige planning* ay hindi magiging epektibo kung walang matibay na suporta sa *status, corpus, at acquisition planning*.

Tinatawagan ko ang mga institusyon ng edukasyon, CHED, at mga gumagawa ng patakaran na muling suriin ang mapanirang epekto ng mga desisyong ito, at isaalang-alang ang isang mas balanseng diskarte sa pagpapalano ng wika na kinikilala ang kahalagahan ng Filipino sa pagpapatibay hindi lamang ng ating kulturang pambansa kundi pati na rin ng akademikong kahusayan. Sa huli, ang pagpapalakas sa wikang Filipino sa mataas na antas ng edukasyon ay hindi lamang tungkol sa pagpapanatili ng kultura; ito ay tungkol sa pagtataguyod ng matalinong bilingguwal na lipunan na maaaring umunlad sa isang globalisadong mundo habang pinapanatili ang malalim na ugat sa sariling pagkakakilanlan.

### Kaso 2- Pribadong Unibersidad

Tinuklas ng bahaging ito ang mga hamon, mekanismo sa pagharap, at mga aral na natutuhan sa Kaso 2, na nakatuon sa programang pangwika ng isang pribadong unibersidad. Gamit ang teoretikal na balangkas ng Language Policy and Planning (LPP), sinuri nito kung paano nakaaapekto ang iba't ibang aspekto ng pagpaplanong pangwika sa institusyon, kabilang ang *status planning*, o ang pagkilala ng institusyon sa kahalagahan ng isang wika kumpara sa iba pang wikang ginagamit; *corpus planning*, na tumutukoy sa pormulasyon, reporma, at pagbuo ng makabagong anyo ng pagsulat; *acquisition planning*, na nakapokus sa pagtuturo at pagkatuto ng iba't ibang wika; at *prestige planning*, na sumasaklaw sa pagbabago ng mga saloobin at pananaw patungkol sa isang wika sa loob ng lipunan.

Ipinapakita sa Talaguhitan 3 ang binagong paradaym ng mga hamon, mekanismo sa pagharap, at mga aral na natutuhan ng mga administrador, guro, at mag-aaral ng isang pribadong unibersidad kaugnay sa kanilang programang pangwika matapos ang pagtanggap ng asignaturang Filipino.



## Hamon

*Mga hamon tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino*

Batay sa binagong paradaym sa itaas, malinaw na umiiral ang mga pangunahing hamon kaugnay sa programang pangwika ng Pribadong Unibersidad pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino. Ang pagtanggap ng mga asignaturang Filipino ay nagdulot ng malalim na epekto sa iba't ibang aspekto ng edukasyon sa pribadong unibersidad. Una, sa ilalim ng *status planning*, nagresulta ito sa limitadong pagkakataon sa karera ng mga guro sa Filipino. Pangalawa, sa *corpus planning*, nagkaroon ng suliranin ang mga pribadong unibersidad sa labis na pagbibigay-diin sa Ingles bilang midyum ng pagtuturo. Pangatlo, sa *acquisition planning*, nagkaroon ng mababang kasanasyon sa wika ang mga mag-aaral. Pang-apat, sa *prestige planning*, lumitaw ang suliraning pagkakadiskonekta sa kulturang Filipino. Higit sa

lahat, ang minimal na suporta ng institusyon para sa Filipino ay sumasailalim sa lahat ng dimensyon ng pagpapalano, na nagpapalala sa mga nabanggit na hamon.

*Mga pamamaraan o mekanismo sa pagharap sa mga isyu tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino*

Kaugnay sa nabanggit na hamon, suliranin, at isyu ng pribadong unibersidad, ang institusyon ay kakikitaan din ng mga pamamaraan upang harapin ang mga isyu tungkol sa programang pangwika pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino. Bilang pagtugon sa mga pagbabago, isinagawa ang iba't ibang hakbang sa ilalim ng mga dimensyon ng pagpapalano: una, sa *corpus planning*, lantaran ang paggamit ng code-switching at napag-aaralan ang Filipino sa impormal na estratehiya sa pagtuturo; ikalawa, sa *acquisition planning*, nagkaroon ng mga inisyatibo tulad ng pakikilahok sa mga espesyalisadong pagsasanay ng mga guro; at panghuli, sa *prestige planning*, ipinagdiwang ng institusyon ang Buwan ng Wika bilang pagpapahalaga sa wika.

*Mga aral na mupupulot mula sa mga naging karanasan tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino*

Ang pribadong unibersidad ay nagpapahalaga sa Filipino sa mataas na antas ng edukasyon. Mula sa kanilang pananaw, iminungkahi ang pagkakaroon ng kursong Filipino. Nanawagan din ang institusyon na dumisenyo ng edukasyong sensitibo sa kultura. Lantad din ang kagustuhang magpatupad ng balanseng pagtuturo ng wika at suportahan ang pag-unlad ng guro sa wika. Natutuhan ng institusyon na mahalagang magbukas ng espasyo para sa kultura at wika.

*Pananaw at Posisyon ng Mananaliksik*

Sa aking masusing pagsusuri sa karanasan ng Pribadong Unibersidad matapos ang pagtanggap ng asignaturang Filipino, nakita ko ang isang makabuluhang larawan ng pakikibaka sa pagitan ng institusyonal na pagbabago at pagpapanatili ng kulturang pangwika. Hindi simpleng administratibong pagbabago ang nangyari kundi isang kumplikadong transisyon na nagkaroon ng malawak na implikasyon sa lahat ng aspekto ng paradaym ng pagpapalano ng wika.

Bilang mananaliksik, naniniwala akong ang pinakamahalagang pananaw na lumitaw mula sa pag-aaral na ito ay ang hindi maitatwang koneksyon sa pagitan ng wika at pagkakakilanlang kultural. Ang pagtanggap ng pormal na pagtuturo ng Filipino ay nagdulot ng isang kahingian para sa impormal na mga mekanismo upang punan ang puwang - mula sa *code-switching* hanggang sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Ito ay kumakatawan sa likas na pangangailangan ng komunidad na mapanatili ang koneksyon sa kanilang wika at kultura.

Nakakakumbinsi ang patunay na ang kasalukuyang balangkas ng *status planning* ay hindi sapat na sumusuporta sa mga guro ng Filipino, na nagbubunga ng limitadong oportunidad sa karera at potensyal na kawalan ng mga propesyonal na maaaring magpatuloy sa pagpapayaman ng wika. Sa aspekto ng *corpus planning*, ang labis na pagbibigay-diin sa Ingles bilang midyum ng pagtuturo ay nagpapahina sa pagkakataong mabuo ang matatag na pangkat ng kaalaman sa Filipino.

Ang *acquisition planning* ay nangangailangan ng mas malawak na paglapit kaysa sa espesyalisadong pagsasanay, lalo na dahil sa lumalabas na ebidensya ng mababang kasanayan sa wika ng mag-aaral. Samantala, ang mga pagsisikap sa *prestige planning* tulad ng Buwan ng Wika, bagaman kapuri-puri, ay nananatiling pana-panahon lamang at maaaring hindi sapat upang tugunan ang mas malalim na pagkakadiskonekta sa kulturang Filipino.

Hinihikayat ko ang mga institusyon ng mataas na edukasyon at mga gumagawa ng patakaran na isaalang-alang ang holistikong diskarte sa pagpapalano ng wika na kinikilala ang Filipino hindi lamang bilang


asignatura kundi bilang mahalagang bahagi ng edukasyong sensitibo sa kultura. Ang mga rekomendasyon ng unibersidad para sa pagbabalik ng kursong Filipino, pagbalanse sa pagtuturo ng wika, at pagsuporta sa pag-unlad ng mga guro ay nagpapakita ng kanilang pagkilala sa kahalagang ito.

Sa huling pagsusuri, hindi lamang tungkol sa pagpapanatili ng isang asignatura ang usapin kundi tungkol sa paglikha ng isang sistema ng edukasyon na tumatalab sa kultural na pagkakakilanlan ng mga mag-aaral, habang mabuting ihahanda sila para sa isang multilinggwal na mundo.

**Kaso 3- Pambansang Unibersidad**

Tinuklas ng bahaging ito ang mga hamon, mekanismo sa pagharap, at mga aral na natutuhan sa Kaso 3, na nakatuon sa programang pangwika ng isang pambansang unibersidad. Gamit ang teoretikal na balangkas ng Language Policy and Planning (LPP), sinuri nito kung paano nakaaapekto ang iba't ibang aspekto ng pagpaplanong pangwika sa institusyon, kabilang ang *status planning*, o ang pagkilala ng institusyon sa kahalagahan ng isang wika kumpara sa iba pang wikang ginagamit; *corpus planning*, na tumutukoy sa pormulasyon, reporma, at pagbuo ng makabagong anyo ng pagsulat; *acquisition planning*, na nakapokus sa pagtuturo at pagkatuto ng iba't ibang wika; at *prestige planning*, na sumasaklaw sa pagbabago ng mga saloobin at pananaw patungkol sa isang wika sa loob ng lipunan.

Ipinapakita sa Talaguhitan 4 ang binagong paradaym ng mga hamon, mekanismo sa pagharap, at mga aral na natutuhan ng mga administrador, guro, at mag-aaral ng isang pambansang unibersidad kaugnay sa kanilang programang pangwika matapos ang pagtanggap ng asignaturang Filipino.



## Hamon

*Mga hamon tungkol sa programang pangwika ng Pambansang Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino*

Batay sa binagong paradaym sa itaas, malinaw na umiiral ang mga pangunahing hamon kaugnay sa programang pangwika ng Pambansang Unibersidad pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino. Ang pagtanggap ng mga asignaturang Filipino ay nagdulot ng malalim na epekto sa iba't ibang aspekto ng edukasyon sa pambansang unibersidad. Una, sa *corpus planning*, nagkaroon kakulangan sa akses sa Filipino ng para sa mga may natatanging pangangailangan at dayuhang mag-aaral. Pangalawa, sa *acquisition planning*, nagkaroon suliranin sa makalumang pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino. Pangatlo, sa *prestige planning*, lumitaw ang kagustuhan sa Ingles bilang simbolo ng estado at kaginhawahan kaysa sa Filipino, at negatibong pananaw sa paggamit ng Filipino bilang makaluma o hindi makabago.

*Mga pamamaraan o mekanismo sa pagharap sa mga isyu tungkol sa programang pangwika ng Pambansang Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino*

Kaugnay sa nabanggit na hamon, suliranin, at isyu ng pambansang unibersidad, ang institusyon ay kakikitaan din ng mga pamamaraan upang harapin ang mga isyu tungkol sa programang pangwika pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino. Bilang pagtugon sa mga pagbabago, isinagawa ang iba't



ibang hakbang sa ilalim ng mga dimensyon ng pagpapalano: una, sa *status planning*, pagtatag ng programang BSED Filipino na nagpapalakas ng komunidad ng mga mag-aaral na masigasig sa wika; ikalawa, sa *corpus planning*, pagtuturo ng kursong Rizal at Purposive Communication o Malayuning Komunikasyon gamit ang Filipino; ikatlo, sa *acquisition planning*, mahigpit na patakaran sa wikang Filipino sa silid-aralan; ikaapat, sa *prestige planning*, ipinagdiwang ng institusyon ang Buwan ng Wika bilang pagpapahalaga sa wika, at higit sa lahat, ang lantad na suporta ng institusyon para sa Filipino ay sumasailalim sa lahat ng dimensyon ng pagpapalano, na nagbibigay solusyon sa mga nabanggit na hamon. *Mga aral na mupupulot mula sa mga naging karanasan tungkol sa programang pangwika ng Pambansang Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino*

Ang pambansang unibersidad ay nagpapahalaga sa Filipino sa mataas na antas ng edukasyon. Sa kabila ng malawakang pagtuon sa Ingles, ang wikang Filipino ay nananatiling mahalaga para sa mabisang komunikasyon at pagpapatibay ng pagkakakilanlang pangkultura sa konteksto ng Pilipinas, ngunit sa kanila nakababahala ang negatibong epekto ng pagbabawas ng mga asignaturang Filipino sa kasanayan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang sariling wika. Upang matugunan ang hamong ito, iminumungkahi ang pagsasama ng teknolohiya at mga makabagong estratehiya sa pagtuturo na gagawing mas kaakit-akit at napapanahon ang mga asignaturang Filipino para sa mga kasalukuyang mag-aaral. Mahalaga rin ang pagbibigay-diin sa pagiging inklusibo ng pagtuturo upang epektibong matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na may iba't ibang kakayahan at karanasan sa wika, na nagpapakita ng komprehensibong paglapit sa pagpapanatili at pagpapayabong ng wikang Filipino sa sistema ng edukasyon.

#### *Pananaw at Posisyon ng Mananaliksik*

Sa aking masinsinan at kritikal na pagsusuri sa karanasan ng Pambansang Unibersidad matapos ang pagtanggap ng asignaturang Filipino, nakikita ko ang isang kapansin-pansing pagsisikap ng institusyon na balansehin ang mga hamon ng pagbabago sa kurikulum habang pinapanatili ang pagpapahalaga sa wikang pambansa. Ang karanasang ito ay nagpapakita ng isang mapanghamon ngunit produktibong pagsasaayos sa harap ng reporma sa edukasyon.

Bilang mananaliksik, naniniwala akong ang Pambansang Unibersidad ay nagpapakita ng isang modelo ng adaptasyon at paglaban sa negatibong mga impluwensya ng pagtanggap ng mga kursong Filipino. Sa halip na basta tanggapin ang pagbabago, ang institusyon ay gumawa ng malalim na hakbang upang panatilihin ang presensya ng Filipino sa akademikong espasyo sa pamamagitan ng pangmatagalang mga solusyon tulad ng pagtatag ng programang BSED Filipino at integrasyon ng Filipino sa iba pang kurso tulad ng Rizal at Malayuning Komunikasyon.

Higit na kapansin-pansin ang komprehensibong paglapit ng institusyon sa lahat ng aspekto ng paradaym ng pagpapalano ng wika. Sa *status planning*, ang pagtatag ng BSED Filipino ay kumakatawan sa institusyonal na pagpapahalaga; sa *corpus planning*, ang paggamit ng Filipino bilang midyum sa iba't ibang kurso ay nagpapatunay ng pagsisikap na palawakin ang espasyong ginagamitan ng wika; sa *acquisition planning*, ang mahigpit na patakaran sa silid-aralan ay nagtataguyod ng disiplina sa paggamit ng wika; at sa *prestige planning*, ang patuloy na pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay nagpapatibay ng kultural na pagkakakilanlan.

Ang pagkilala sa pangangailangan para sa pagiging inklusibo ay nagpapakita rin ng progresibong pananaw, na kinikilala ang hamon ng pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral na may natatanging pangangailangan at sa mga dayuhang mag-aaral. Samantala, ang pagkilala sa pangangailangan ng

makabagong pamamaraan ng pagtuturo, lalo na ang pagsasama ng teknolohiya, ay nagpapahiwatig ng pagsisikap na gawing kaakit-akit ang wika sa kasalukuyang henerasyon ng mga mag-aaral.

Sa aking pananaw, ang karanasan ng Pambansang Unibersidad ay nagpapakita ng isang mahalagang aral para sa iba pang institusyon ng edukasyon: na ang pagpapanatili ng wikang pambansa ay hindi dapat nakatali lamang sa pormal na asignatura kung hindi dapat maging bahagi ng isang mas malawak na estratehiya ng institusyon na sumasaklaw sa lahat ng dimensyon ng pagpapalano ng wika. Ang kanilang karanasan ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pangmatagalang pagtuon sa pagpapanatili ng wikang Filipino bilang instrumento ng komunikasyon, pagpapahayag, at pagpapatibay ng kulturang Pilipino sa konteksto ng globalisasyon at pagtuon sa Ingles sa mataas na antas ng edukasyon.

**Paghahambing ng mga Kaso**

Ang pagsusuri ng programang pangwika ng mga institusyon sa mataas na edukasyon pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino sa mga Kaso 1 – Pribadong Kolehiyo, Kaso 2 – Pribadong Unibersidad, at Kaso 3 – Pambansang Unibersidad ay nagpapakita ng iba't ibang hamon, mga paraan ng pagharap sa mga hamon, at mahahalagang pananaw mula sa iba't ibang institusyong pang-edukasyon, mula sa pribadong kolehiyo, pribadong unibersidad, at pambansang unibersidad na mga institusyon sa mas mataas na antas ng edukasyon (HEIs). Bagama't ang bawat kaso ay nagpapakita ng natatanging konteksto, lumilitaw ang mga karaniwang tema. Ang buod na ito ay naglalaman ng pinagsama-samang mga resulta para sa batayang programa sa pagpapaunlad ng kurikulum alinsunod sa Artikulo XIV Seksyon 6 ng Saligang Batas

Ipinapakita ng Talahanayan 1 ang talaan ng paghahambing ng mga tema sa bawat kaso batay sa kanilang mga hamon, problema, isyu, at mga alalahanin. Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang talaan ng paghahambing ng mga paraan ng pagharap sa mga hamon ng bawat kaso, at ipinapakita ng Talahanayan 3 ang talaan ng paghahambing ng mga natutuhan o realisasyon ng mga institusyon sa programang pangwika pagkatapos matanggal ang asignaturang Filipino. Ang lahat ng talaan ng representasyon ay ibinigay kasama ang mga mahahalagang tema.

**Talahanayan 1. Paghahambing ng mga Kaso alinsunod sa hamon, problema, isyu, at mga alalahanin ng mga institusyon sa mas mataas na antas ng edukasyon sa programang pangwika pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino: Isang Pagsusuri sa Pamamagitan ng Lente ng Teorya ng Language Policy and Planning (LPP) nina Joshua A. Fishman at Robert L. Cooper**

Teoretikal na Pananaw	Tema bawat Kaso			Pangunahing Tema
Hamon, Problema, Isyu, at mga Alalahanin	Kaso 1	Kaso 2	Kaso 3	Tema
<i>Status Planning</i>	<i>Kawalan ng Trabaho ng mga Guro sa Filipino</i>	<i>Limitadong pagkakataon sa karera ng mga guro sa Filipino</i>		<i>Pagkawala ng Hanapbuhay at Karera ng mga Guro sa Filipino</i>

<b>Corpus Planning</b>	<i>Pagpili ng Ingles bilang midyum sa pagtuturo</i>	<i>Labis na pagbibigay-diin sa Ingles</i>	<i>Kulang na akses sa Filipino</i>	<i>Pangingibabaw ng Ingles sa Sistema ng Edukasyon</i>
<b>Acquisition Planning</b>	<i>Kakulangan sa kasanayan at kaalaman sa Filipino</i>	<i>Mababang kasanayan sa wika</i>	<i>Makalumang pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino</i>	<i>Kakulangan sa Kasanayan at Kaalaman sa Filipino</i>
<b>Prestige Planning</b>	<i>Pagbaba sa interes ng mga mag-aaral sa Filipino</i>	<i>Pagkakadiskonekta sa kulturang Filipino</i>	<i>Kagustuhan sa Ingles Negatibong pananaw sa paggamit ng Filipino</i>	<i>Pagbaba ng Interes sa Filipino</i>
<b>Lahat ng dimensyon</b>	<i>Kawalan ng suporta ng institusyon para sa Filipino</i>	<i>Minimal na suporta ng institusyon para sa Filipino</i>		<i>Kakulangan ng suporta ng institusyon sa Filipino</i>

Ang pangunahing tema na lumitaw sa talahanayan ay ang "Kakulangan ng Suporta ng mga Institusyon sa Filipino" na nagpapakita ng sistematikong pagpapabaya sa wikang pambansa sa lahat ng dimensyon ng pagpapalano ng wika. Ito ay makikita sa kawalan ng sapat na trabaho para sa mga guro, dominasyon ng Ingles sa sistema ng edukasyon, kakulangan ng kasanayan at kaalaman sa Filipino, negatibong pananaw sa paggamit ng wikang ito, at minimal na suporta mula sa mga institusyong pang-edukasyon. Ang mga isyung ito ay tinitingnan sa pamamagitan ng teoretikal na balangkas ng *Language Policy and Planning* nina Fishman at Cooper, na naghahati sa mga hamon sa apat na dimensyon: *status, corpus, acquisition, at prestige planning*.

Ang temang ito ay nagpapahayag ng malalim na kontradiksiyon sa pagitan ng opisyal na katayuan ng Filipino bilang wikang pambansa at ang aktwal na suporta na natatanggap nito. Lumilikha ito ng siklo ng kakulangan ng suporta na nagdudulot ng mababang interes at kasanayan, at nagbibigay-katwiran sa patuloy na hindi paglalaan ng sapat na pagtingin. Ang sitwasyong ito ay nagdudulot ng banta sa kultural na pagkakakilanlan ng mga Pilipino at nagpapahiwatig ng pangangailangan ng komprehensibong reporma sa mga patakaran at programa tungkol sa pagtuturo at pagpapalaganap ng Filipino sa lahat ng antas ng lipunan.

**Talahanayan 2. Paghahambing ng mga Kaso alinsunod sa paraan ng pagharap sa mga hamon ng mga institusyon sa mas mataas na antas ng edukasyon sa programang pangwika pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino: Isang Pagsusuri sa Pamamagitan ng Lente ng Teorya ng Language Policy and Planning (LPP) nina Joshua A. Fishman at Robert L. Cooper**

<b>Teoretikal na Pananaw</b>	<b>Tema bawat Kaso</b>	<b>Pangunahing Tema</b>
------------------------------	------------------------	-------------------------

<b>Paraan ng Pagharap sa mga Hamon</b>	<b>Kaso 1</b>	<b>Kaso 2</b>	<b>Kaso 3</b>	<b>Tema</b>
<b>Status Planning</b>			<i>Pagtatag ng programang BSED Filipino</i>	
<b>Corpus Planning</b>	<i>Alternatibong papel sa pagtuturo</i>	<i>Paggamit ng code-switching Impormal na estratehiya sa pagtuturo</i>	<i>Pagtuturo ng ilang kurso sa GE gamit ang Filipino</i>	<i>Alternatibong pamamaraan sa pagtuturo ng Filipino</i>
<b>Acquisition Planning</b>	<i>Inisyatibo ng Kolehiyo Pag-aaral nang Mag-isa ng mga Mag-aaral</i>	<i>Pakikilahok sa mga espesyalisadong pagsasanay</i>	<i>Mahigpit na patakaran sa wika sa silid-aralan</i>	<i>Institusyonal at Personal na Disiplinang Pangwika</i>
<b>Prestige Planning</b>	<i>Pagdiriwang ng Buwan ng Wika</i>	<i>Pagdiriwang ng Buwan ng Wika</i>	<i>Pagdiriwang ng Buwan ng Wika</i>	<i>Pagdiriwang ng Buwan ng Wika</i>
<b>Lahat ng dimensyon</b>			<i>Lantad na suporta ng institusyon para sa Filipino</i>	

Ang pangunahing tema sa Talahanayan 2 ay ang "Alternatibong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Filipino," na nagpapakita ng paglipat mula sa tradisyonal tungo sa mas makabago at kontekstwalisadong pamamaraan sa pagpapalaganap ng wikang pambansa. Ang temang ito ay nagpapalitaw ng iba't ibang dimensyon ng pagpapalano ng wika ayon sa teoretikal na balangkas nina Fishman at Cooper: *status planning* (pagtatag ng programang BSED Filipino), *corpus planning* (alternatibong papel sa pagtuturo, *code-switching*, pagtuturo ng mga asignaturang GE gamit ang Filipino), *acquisition planning* (inisyatibo ng kolehiyo, espesyalisadong pagsasanay, mahigpit na patakaran), at *prestige planning* (pagdiriwang ng Buwan ng Wika). Ang mga pamamaraang ito ay nagpapakita ng pagsasama ng institusyonal at personal na disiplina, modernisasyon ng pagtuturo, at integrasyon ng Filipino sa iba't ibang larangan.

Sa kabuuan, kinikilala ng pangunahing tema ang pangangailangan ng balanseng pamamaraan sa pagtugon sa mga hamon ng pagtuturo ng Filipino. Hindi ito simpleng pagtutol sa dominasyon ng Ingles, kung hindi isang malikhaing paraan upang ipakita ang pagkakaugnay ng mga wika at ang posibilidad ng filipinisasyon ng kaalaman sa pamamagitan ng makabagong pamamaraan. Ang malawakang suporta ng institusyon, kasama ang personal na pagsisikap ng mga guro at mag-aaral, ay kinakailangan upang maisulong ang

Filipino bilang isang makabuluhan at praktikal na wika sa akademikong konteksto at sa mas malawak na lipunan. Ang alternatibong pamamaraan ay nagbibigay-daan sa adaptasyon ng Filipino sa mga bagong hamon habang pinapanatili ang halaga nito bilang instrumento ng pambansang pagkakakilanlan.

**Talahanayan 3. Paghahambing ng mga Kaso alinsunod sa natutuhan o realisasyon ng mga institusyon sa mas mataas na antas ng edukasyon sa programang pangwika pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino: Isang Pagsusuri sa Pamamagitan ng Lente ng Teorya ng Language Policy and Planning (LPP) nina Joshua A. Fishman at Robert L. Cooper**

Teoretikal na Pananaw	Tema bawat Kaso			Pangunahing Tema
Natutuhan o Realisasyon	Kaso 1	Kaso 2	Kaso 3	Tema
<i>Status Planning</i>	<i>Pagsusuri ng CHED at Pamahalaan sa Kurikulum</i>		<i>Negatibong epekto ng pagtanggap ng Filipino</i>	<i>Pagsusuri muli sa pagtanggap ng Filipino</i>
<i>Corpus Planning</i>	<i>Kahalagahan ng Filipino sa Edukasyon Pangangailangan para sa Estratehikong Paggamit ng Filipino Panawagan para sa Pagbabalik ng Filipino sa Kolehiyo</i>	<i>Gumawa ng kursong Filipino Magdesinyo ng edukasyong sensitibo sa kultura</i>		<i>Pagpapanumbalik ng Filipino sa Edukasyon</i>
<i>Acquisition Planning</i>		<i>Magpatupad ng balanseng pagtuturo ng wika Suportahan ang pag-unlad ng guro sa wika</i>	<i>Makabagong estratehiya para sa Filipino Pagiging inklusibo ng wika</i>	<i>Estratehikong Paglinang sa Filipino sa Edukasyon</i>
<i>Prestige Planning</i>		<i>Magbukas ng espasyo para sa kultura at wika</i>	<i>Kahalagahan ng Filipino para sa wika at kultura</i>	<i>Pagpapahalaga sa Wika at Kultura</i>

Ang talahanayan 3 ay naghahambing ng mga kaso alinsunod sa mga natutuhan o realisasyon ng mga institusyon sa mas mataas na antas ng edukasyon tungkol sa kanilang programang pangwika, matapos matanggal ang asignaturang Filipino. Ginamit ang lente ng Teorya ng *Language Policy and Planning* (LPP) nina Joshua A. Fishman at Robert L. Cooper sa pagsusuri. Ipinapakita ng talahanayan ang apat na mahahalagang aspekto ng pagpapalano ng wika: *status planning*, *corpus planning*, *acquisition planning*, at *prestige planning*. Sa bawat aspekto, sinusuri at pinaghahambing ang tatlong kaso upang matukoy ang pangunahing tema, na kumakatawan sa makabuluhang pagkakaisa ng mga natuklasan.

Ang pangunahing tema sa talahanayan ay nagbibigay-diin sa estratehikong pagpapalakas ng wikang Filipino sa sistema ng edukasyon. Sa *status planning*, tinutukoy nito ang mga patakaran ng CHED at ang negatibong epekto nito. Sa *corpus planning*, ang pangunahing tema ay pagpapanumbalik ng Filipino sa edukasyon, na naglalayong ibalik ang sentral na papel ng wikang Filipino. Sa *acquisition planning*, ang tema ay estratehikong paglinang sa Filipino sa edukasyon, na tumutukoy sa komprehensibong hakbang para sa epektibong pagtuturo ng Filipino. Sa *prestige planning*, ang pangunahing tema ay pagpapahalaga sa wika at kultura, na nakatuon sa pagpapataas ng halaga at katayuan ng wikang Filipino at kulturang Pilipino.

Ang implikasyon ng talahanayan at ng mga pangunahing tema ay nagpapakita ng pangangailangan ng isang komprehensibo at sistematikong pamamaraan sa pagpapatupad ng mga patakarang pangwika sa sistema ng edukasyon. Iminumungkahi nito na ang pagpapaunlad ng wikang Filipino ay hindi lamang tungkol sa teknikal na aspekto ng pagtuturo, kung hindi kinabibilangan din ng mga hakbang sa pagkilala sa kahalagahan nito, pagbuo ng kurikulum na angkop sa kultura, at paglikha ng mga estratehiya upang mabigyang-halaga ang wikang Filipino sa lipunan. Ang mga implikasyong ito ay nagbibigay ng mahalagang gabay para sa mga guro, administrador, at mga tagagawa ng patakaran sa pagpapaunlad ng mga epektibong programa at estratehiya para sa pagtataguyod ng wikang Filipino sa sistema ng edukasyon at sa mas malawak na lipunan.

#### **KABANATA 4**

##### **Talakayan**

Ang kabanatang ito ay sumusuri sa mga resulta ng programang pangwika sa mga institusyon ng mataas na edukasyon matapos matanggal ang asignaturang Filipino. Ang pagsusuri ay isinagawa sa pamamagitan ng malalimang talakayan at suporta mula sa mga kaugnay na literatura. Ang talakayan ay inayos batay sa mga pangunahing tema na lumitaw mula sa mga kwalitatibong datos.

##### **Kaso 1- Pribadong Kolehiyo**

###### ***Mga hamon tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Kolehiyo pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino***

Ang pagtanggap ng mga asignaturang Filipino ay nagbunga ng malalim na epekto sa iba't ibang aspekto ng edukasyon sa pribadong kolehiyo. Nakaharap ang pribadong kolehiyo sa mga hamon sa dimensyon ng *status*, *corpus*, *acquisition* at *prestige* sa pagpapalano ng pangwika.

###### ***Status Planning: Kawalan ng Trabaho ng mga Guro sa Filipino***

Dahil sa pagtanggap ng asignaturang Filipino sa kurikulum, maraming guro ang nawalan ng pagkakataong magturo ng Filipino sa kolehiyo. Ayon sa mga guro, nagkaroon ng malaking epekto ang pagtanggap ng Filipino hindi lamang sa kurikulum kung hindi pati na rin sa kanilang propesyonal at emosyonal na estado. Lumabas sa pananaliksik na hindi aktibong tumugon ang institusyon sa mga hamong dulot ng



pagbabagong ito, na nagdulot ng kawalan ng seguridad sa trabaho at pagbawas sa pagpapahalaga sa kanilang kasanayan bilang mga tagapagturo ng Filipino.

Ayon kay Gonzalez (2019), ang pagbabago sa kurikulum ng Commission on Higher Education (CHED) ay nagdulot ng marginalisasyon sa mga guro ng Filipino, kung saan unti-unting nawalan ng lugar ang kanilang disiplina sa akademikong espasyo. Ganito rin ang natuklasan ni David (2020), na nagsasaad na ang pag-aalis ng Filipino sa kolehiyo ay nagresulta sa *job displacement* at *career insecurity* sa hanay ng mga guro.

Isa sa mga pangunahing damdaming lumitaw sa panayam ay ang *sense of loss, disappointment, at frustration* na nag-ugat sa kawalan ng malinaw na direksyon para sa kanilang karera:

Ayon sa isang guro,

“...*hindi talaga na-mention o napag-uusapan... wala talaga sa level na nag-attempt kami o nag-attempt ang school na pag-usapan yung mga bagay na ito... So parang ang nangyari yung mga nakita naming mga pagbabago academic challenges kasi nga curriculum adjustment redeployment ang nangyari.*” –

GPK1

Ayon kay Tupas (2016), ang kawalan ng konsultasyon sa mga guro sa panahon ng reporma sa kurikulum ay nagdulot ng pagkawala ng kanilang bisa bilang mga guro, na nagreresulta sa pagkadismaya at kawalan ng motibasyon sa kanilang propesyon.

### **Corpus Planning: Pagpili sa Ingles bilang midyum ng Pagtuturo**

Isa sa pangunahing hamon na kinaharap ng institusyon ay ang kawalan ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa *core courses* ng *general education*. Dahil matagal nang ginagamit ang Ingles bilang wikang panturo, mas pinipili pa rin ito sa mga kurso tulad ng Kasaysayan. Ayon sa isang administrador, ang pagkawala ng Filipino sa kolehiyo ay nagdulot ng panghihinayang:

“*Parang nawala ang tatak Filipino,*” – APK1

Binanggit din na maaaring humantong ito sa paghina ng pagpapahalaga ng kabataan sa sariling wika, kultura, at kasaysayan, na mahalaga sa pagpapatibay ng nasyonalismo. Sinuportahan ito ng pag-aaral nina Reyes at De Guzman (2018), na nagpapakita ng pagbaba ng interes ng mga mag-aaral sa Filipino at panitikan matapos itong alisin sa GEC.

Samantala, ayon kay Pineda (2019), ang pagkawala ng Filipino sa kurikulum ay maaaring magdulot ng *language shift* kung saan mas pinapaboran ng mga mag-aaral ang paggamit ng Ingles, na nagreresulta sa pagkawala ng kasanayan sa akademikong pagsulat at pag-unawa sa Filipino bilang wikang pandiskurso. Napansin ng mga mag-aaral na mas pinagtutuunan ng pansin ang Ingles bilang midyum ng instruksyon sa kanilang mga klase. Dahil dito, unti-unting nawawalan ng puwang ang Filipino sa kanilang akademikong pagsasanay. Ayon kay Gonzalez (2019), ang patuloy na dominasyon ng Ingles ay nagreresulta sa marginalisasyon ng Filipino sa mas mataas na edukasyon.

Ayon sa mga mag-aaral,

“*As a student ma'am, sad kaayo siya, kay ngano mang murag mahimo na tang foreign/foreigners of our own kanang country ba kay karon noh as kanang intern student ma'am ma-handle nako ang mga bata kanang maglisod gani ko og kanang deliver, himo og lesson plan using Wikang Filipino.*” - MPK1

“*Bilang isang estudyante, ma'am, nakakalungkot po talaga, kasi parang nagiging dayuhan na tayo sa sarili nating bansa. Ngayon po, bilang isang intern na estudyante, nahihirapan po ako na hawakan ang mga bata, lalo na kapag kailangan kong magturo o gumawa ng lesson plan gamit ang Wikang Filipino.*”

“...walang halong bias or biro...nakakalungot po talaga na tanggalin yong Filipino subject kasi nga, I’m very...tawag dito, yong parang patriotic din po kumbaga sa bansa po natin. Ah, like nakaka-sad na isipin na yong ibang mga estudyante hindi na alam mag Tagalog,”-MPK2

“To know nga kanang...kanang nagpuyo ta ani na country nga ang native language is Filipino, unya most of the citizen kay dili knowledgeable ana nga language. So, kanang...lain siya, unya ang kanang dili beneficial in any way ang ilahang removal sa language gud, and sa subject. Even kanang gibaba lang gud nila? It should also be included in higher education. Kanang unsa man ang imohang course...”-MPK3

(“Malungkot isipin na nakatira tayo sa isang bansa kung saan ang katutubong wika ay Filipino, ngunit karamihan sa mga mamamayan ay hindi ganoon kaalam sa wikang ito. Kaya, nakakapanibago, at hindi talaga nakakabuti sa anumang paraan ang pagtanggal nila sa wika at sa asignatura. Kahit pa ibinaba lang nila ito, dapat pa rin itong isama sa mas mataas na antas ng edukasyon, anuman ang iyong kurso.”) Dagdag pa rito, bagama’t pinapayagan ng memorandum ng CHED na ituro ang mga asignaturang pangkalahatang edukasyon sa Filipino, lumabas sa panayam na bihira itong ipatupad. Sinuportahan ito ni David (2020), na nagsasaad na may kakulangan sa pagsisikap ng mga institusyon upang bigyang-daan ang Filipino bilang midyum ng instruksyon sa mas mataas na edukasyon.

#### **Acquisition Planning: Kakulangan sa Kasanayan at Kaalaman sa Filipino**

Isa sa mga pangunahing pananaw ng mga mag-aaral ay ang kakulangan ng Filipino sa kanilang kurso, lalo na sa mga larangang nangangailangan ng kasanayan sa wika, partikular sa pagtuturo. Ayon sa mga panayam, marami sa kanila ang nahihirapan sa pagsasalin ng mga teknikal na konsepto mula sa Ingles patungo sa Filipino. Maraming mag-aaral ang napipilitang mag-aral nang mag-isa o umasa sa internet upang mapunan ang kanilang kakulangan sa kaalaman at kasanayan sa Filipino.

Ito ay sumasalamin sa pahayag ni Tupas (2016) na ang dominasyon ng Ingles sa akademya ay nagdudulot ng limitasyon sa kakayahan ng mga estudyante na gamitin ang Filipino sa mataas na antas ng diskurso.

Ayon sa mga mag-aaral,

“...wala pu’y nag kanang suggest ba nga e-propose nga mag practice pud ming mga college sa Wikang Filipino, tagaan og subject ana, wala, mao to naanad mi sa karaan nga edition, karaan na curriculum for Catechetics students na English. Mao to walay ano maam, Wikang Filipino na for practice ana, Filipino jud sya na subject jud gud maam, kay walay pang refreshing maam ba kay grabe jud ang kalisod.”-MPK1

(“...wala rin pong nagmungkahi na sana ay magkaroon kami ng pagsasanay sa paggamit ng Wikang Filipino, o bigyan kami ng asignatura tungkol dito. Wala po, kaya nasanay kami sa luma o dating edisyon ng kurikulum para sa mga estudyanteng Catechetics na nakasentro sa Ingles. Kaya po walang ganun, ma’am — walang Wikang Filipino na ginagamit sa pagsasanay, isang asignatura talaga na Filipino. Wala ring refresher, ma’am, kaya talaga pong napakahirap.”)

“... one time napangutan-an ko sa akoang student, ang iyahang gipangutana kay about Filipino, ana ko ‘hala wala ra ba ko kabalo ana. (haha) Wala gyud like...sorry ha? Wala gyud ko kabalo ana’ ana gyud. Kay kanang embarrassing pod siya, ulaw bitaw siya, ulaw gyud siya. Nasamot nag kanang teacher ka, they expect you to be knowledgeable enough in everything.” - MPK3

(“...isang beses, tinanong ako ng isa sa aking mga estudyante. Ang itinanong niya ay tungkol sa Filipino, at nasabi ko, ‘Hala, wala talaga akong alam tungkol diyan.’ (haha) Talagang wala, kaya sabi ko, ‘Pasensya na ha? Wala talaga akong alam diyan.’ Nakakahiya talaga, nakakaramdam ka ng hiya, lalo na’t guro ka, kasi ine-expect ng mga tao na marunong ka sa lahat ng bagay.”)

Ayon kay Bernardo (2017), ang kakulangan ng Filipino sa mas mataas na edukasyon ay maaaring magdulot ng pagkawala ng kumpiyansa ng mga mag-aaral sa paggamit ng kanilang sariling wika. Ito ay makikita rin sa resulta ng panayam, kung saan maraming mag-aaral ang nahihirapan sa paggamit ng malalalim na salita at madalas umasa sa *artificial intelligence* upang maitama ang kanilang mga pangungusap sa Filipino.

Ayon kay Cruz (2018), upang mapanatili ang paggamit ng Filipino sa akademya, kailangang magkaroon ng sapat na suporta sa anyo ng dekalidad na mga aklat, *online resources*, at iba pang materyales sa pagtuturo. Hindi dapat pansamantalang solusyon lamang ang mga hakbang na ito kundi bahagi ng isang pangmatagalang estratehiya na isasama sa kurikulum.

### ***Prestige Planning: Pagbaba sa Interes ng mga Mag-aaral sa Filipino***

Batay sa pagsusuri sa pribadong kolehiyo, kinilala nila ang kakulangan ng Filipino sa bagong General Education Curriculum (GEC) bilang isang suliraning dapat tugunan dahil kakikitaan ng pagbabasa sa interes ng mga mag-aaral sa Filipino.

Ayon sa isang mag-aaral,

*“...they treat English kanang murag universal language gud Ma’am? Contact language that they really believe na kapag gamiton nila ang English, makasabot gud tanan, ana. And kanang, ang Filipino, wala na gud siya...murag wala na gud kaayo siyay importance sa academe.”-MPK2*

*(“Itinuturing nila ang Ingles na parang isang unibersal na wika, Ma’am — isang contact language na pinaniniwalaan nilang kapag ginamit mo, maiintindihan ka ng lahat. At ang Filipino naman, halos nawawala na, parang wala na itong gaanong kahalagahan sa akademya.”)*

Ayon kay Bernardo (2017), ang pagbabago sa GEC ay nagresulta sa pagbaba ng paggamit ng Filipino sa antas tersiyarya, na nakaapekto sa pagpapaunlad ng intelektuwalisasyon ng wika. Sumasang-ayon dito sina Tupas at Lorente (2014), na nagsasabing ang dominasyon ng Ingles bilang midyum ng pagtuturo ay nagbubunsod ng pagkawala ng akademikong espasyo para sa Filipino sa mas mataas na edukasyon at nagdulot ito ng pagkawala ng interes para sa wika.

### **Lahat ng Dimensyon: Kawalan ng suporta ng institusyon para sa Filipino**

Higit sa lahat, ang mahalagang isyu na lumitaw sa pag-aaral ay ang kawalan ng konkreong hakbang ng institusyon upang matugunan ang emosyonal at propesyonal na pangangailangan ng mga guro ng Filipino. Lumabas na walang sapat na programa, seminar, o *professional development* upang mapanatili at palakasin ang Filipino bilang larangan.

Ayon sa isang guro,

*“Wala talaga akong maalala na may mga ganon na level na ginawa ang school.”-GPK1*

Wala ring makita ang mga mag-aaral na suporta ng institusyon para sa pagpapa-unlad ng Filipino.

Ayon sa mga mag-aaral,

*“So far ma’am nu sa akong last days sa school, wala koy naano sa Filipino. Like during my college time, wala. Mao to naglisod ko.”-MPK1*

*(“Sa ngayon, Ma’am, sa mga huling araw ko sa paaralan, wala talaga akong naging karanasan sa Filipino. Kahit noong kolehiyo, wala rin. Kaya nahirapan talaga ako.”)*

*“Wala gyud. Kay even in some of our classes gud, naa ni silay ginakuan nga kana ganing ‘English only Policy’. -MPK2*

*(“Wala talaga. Kasi kahit sa ilang klase namin, mayroon silang ipinatutupad na ‘English Only Policy’.”)*

Ayon kay Pineda (2019), ang kawalan ng suporta mula sa mga institusyon ay isang malaking balakid sa pagpapatibay ng Filipino bilang akademikong disiplina. Dagdag pa ni Cruz (2021), ang *lack of*

*institutional recognition* sa Filipino ay nagreresulta sa pagbaba ng motibasyon ng mga guro at paghina ng interes ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika.

### ***Mga pamamaraan o mekanismo sa pagharap sa mga isyu tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Kolehiyo pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino***

Ang talakayang ito ay tumutukoy sa mga pamamaraan at mekanismo na ginagamit ng pribadong kolehiyo sa pagtugon sa mga isyu na may kaugnayan sa kanilang programang pangwika matapos ang pag-aalis ng asignaturang Filipino. Ang mga pamamaraang ito ay naglalarawan sa mga pagsisikap ng institusyon sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng paggamit ng wikang Filipino sa kanilang mga programa.

### ***Corpus Planning: Alternatibong Papel sa Pagtuturo***

Dahil sa pagkawala ng asignaturang Filipino sa kolehiyo, maraming guro ang kinailangang ma-redeploy sa ibang asignatura na wala sa kanilang pangunahing espesyalisasyon. Ang ilan ay naitalaga sa pagtuturo ng ibang kurso tulad ng *History, Reading Visual Arts*, at iba pa upang mapanatili ang kanilang trabaho.

Ayon sa isang guro,

*“Redeployment ibig sabihin automatic na kami na nagtuturo ng Filipino na-redeploy kami sa ibang mga subjects which is pwede kaming magturo.” – GPK1*

Sa pananaliksik nina Reyes at De Guzman (2018), lumabas na ang mga guro ng Filipino na naitalaga sa ibang asignatura ay nakaranas ng mataas na antas ng *occupational stress* dahil sa kakulangan ng preparasyon at pagsasanay sa bagong larangang kanilang tinuturo. Sinusuportahan ito ni Cruz (2018), na nagsasaad na ang *redeployment* ng mga guro nang walang sapat na suporta mula sa institusyon ay maaaring magresulta sa pagbaba ng kalidad ng pagtuturo at pagkatuto ng mga estudyante.

Bukod dito, nabanggit ng mga guro ang pangangailangang patatagin ang kanilang sarili sa kabila ng pagkawala ng Filipino sa kurikulum:

Ayon sa isang guro,

*“Wala kasing ibang magpapatatag sa sarili mo kundi yung kalagayan mo, emosyon mo sa pagtanggap sa problema... naghahangad tayo ng dignidad sa sarili nating pagkakakilanlan pero lahat ng mga ito is naisantabi...” – GPK2*

Ayon kay Salazar (2020), ang pagkawala ng Filipino sa mas mataas na edukasyon ay hindi lamang isyu ng kurikulum kundi isang mas malalim na usapin ng pagkakakilanlan at dignidad ng mga guro at mag-aaral sa kanilang sariling wika.

### ***Acquisition Planning: Inisyatibo ng Kolehiyo***

Upang mapanatili ang Filipino sa akademikong larangan, isinagawa ng kolehiyong pangguro ang mga sumusunod:

- Pagsasama ng Filipino sa *Competency Appraisal Skills (CSA)* para sa paghahanda sa *board examination* ng mga mag-aaral na kumukuha ng programang edukasyon.
- Pag-iimbita ng mga eksperto sa Filipino upang magsagawa ng review sessions.
- Pagbuo ng bagong asignatura sa kolehiyo na may kinalaman sa Filipino bilang bahagi ng *institutional unit* upang ihanda ang mga mag-aaral sa *licensure examination*.

Ayon sa isang administrador, mahalaga ang Filipino sa edukasyon, lalo na sa mga kumukuha ng kursong edukasyon:

*“We plan also that one for the revision of the curriculum... that they have also, to have one semester also of Filipino subject, the basic Filipino subject.” –APK1*

*(“Plano rin namin iyan para sa rebisyon ng kurikulum... na magkaroon din sila ng isang asignaturang Filipino sa isang semestre, iyong batayang asignaturang Filipino.”)*

Sa parehong linya ng argumento, binigyang-diin ni Cruz (2021) ang pangangailangang panatilihin ang Filipino sa akademikong kurikulum, lalo na sa mga programang pang-edukasyon, upang mapanatili ang mataas na antas ng kasanayan sa sariling wika at kultura.

### ***Acquisition Planning: Pag-aaral sa Sarili ng mga Mag-aaral***

Isa rin sa pamamaraan na lumabas ay ang pag-aaral sa sarili ng mga mag-aaral gamit ang internet upang punan ang kakulangan sa kaalaman.

Ayon sa mag-aaral,

*"...imbis nga maka-create our own kanang thinking maging dependent na mi sa AI kay para tama lang ang grammar in Wikang Filipino. Lisod kaayo siya kay, unya'g wala nay ano AI maunsa na lang mi ma wrong grammar na." -MPK1*

*("...imbis na makabuo kami ng sarili naming pag-iisip, nagiging dependent na kami sa AI para lamang tama ang grammar sa Wikang Filipino. Mahirap talaga, kasi kapag nawala ang AI, paano na kami — siguradong mali-mali na ang grammar namin.")*

Ang paggamit ng internet bilang kasangkapan sa pag-aaral ng mga mag-aaral ay isang mahalagang paksa na tinalakay sa iba't ibang pag-aaral. Ayon kay Maranan (2018), ang internet ay nagsisilbing malaking aklatan na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na magsaliksik ng mga aralin, makipag-ugnayan sa mga kamag-aral sa pamamagitan ng chat, at mapabilis ang paggawa ng mga proyekto at pananaliksik.

Gayunpaman, sa pag-aaral ni Gerlich (2025) ipinakita ang napakatibay na negatibong ugnayan sa pagitan ng paggamit ng mga *AI tools* ng mga mag-aaral at ng kanilang mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip. Ipinapahiwatig nito na ang labis na pag-asa sa AI ay maaaring humantong sa pagbaba ng kakayahang mag-isip nang kritikal.

### ***Prestige Planning: Pagdiriwang ng Buwan ng Wika***

Ipinagdiriwang ng institusyon ang Buwan ng Wika bilang pagpapahalaga sa kahalagahan ng wikang Filipino at iba pang katutubong wika sa bansa.

Ayon sa mga mag-aaral,

*"...kanang Buwan ng Wika, naka help jud sya kailangan mi mo-use sa Wikang Filipino."-MPK1*

*("...ang Buwan ng Wika ay talaga namang nakatulong dahil kailangan kaming gumamit ng Wikang Filipino.")*

*"Every Buwan ng Wika kay nay singing contest Filipino, sabayang pagbigkas..."-MPK2*

*("Tuwing Buwan ng Wika, mayroong singing contest na Filipino at sabayang pagbigkas...")*

*"...parang pino-promote pa rin ng school, hindi pa rin nakakalimutan ng paaralan po na gawing ano po annual ang selebrasyon sa Buwan ng Wika upang mahikayat ying mga estudyante o magkaroon sila ng ideya kung gaano nga ba ka importante ang wikang Filipino." -MPK3*

Ang pagdiriwang na ito ay alinsunod sa itinakdang layunin ng Proklamasyon Blg. 1041 s. 1997 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang tuwing Agosto 1-31 bilang Buwan ng Wikang Pambansa, at naglalayon na maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito.

### ***Mga aral na mupupulot mula sa mga naging karanasan tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Kolehiyo pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino***

Ang mga realisasyon, aral, at pananaw ay nagpapakita ng mga natutuhan ng pribadong kolehiyo na institusyon habang hinaharap nito ang mga hamon sa programang pangwika matapos ang pagtanggap ng Asignaturang Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga natutuhan, maaaring mapabuti ng institusyon ang kanilang mga programang pangwika bilang pundasyon sa pagpapaunlad ng kurikulum, alinsunod sa Artikulo XIV, Seksyon 6.



**Status Planning: Pagsusuri ng CHED at Pamahalaan sa Kurikulum**

Nanawagan ang pribadong kolehiyo na muling suriin ng CHED at ng pamahalaan ang kanilang mga patakaran, partikular na ang pagtanggap ng Filipino bilang isang pangunahing asignatura sa kolehiyo.

Ayon sa isang administrador,

*"Filipino subject is very important to Filipino people. Ah, to be more nationalistic. So, para bang nawala na yong taglay na...Filipino ka, tapos walang Filipino subject. What's the reason behind of removing that subject in the curriculum. So, I think this is also a recommendation, the government authority will also revisit the laws, that they have revise base on that."* - APK1

*("Mahalaga ang asignaturang Filipino para sa mga Pilipino. Ah, para mas maging makabayan. Parang nawawala na yung pagkakakilanlan mo bilang Pilipino, tapos wala kang asignaturang Filipino. Ano kaya ang dahilan kung bakit tinanggal ang asignaturang iyon sa kurikulum? Kaya sa tingin ko, isa itong rekomendasyon na dapat muling suriin ng mga awtoridad ng gobyerno ang mga batas, at repasuhin ito batay sa mga ganitong isyu.")*

Ang desisyong ito ay bunga ng CHED Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013, na nagtanggap sa Filipino at Panitikan bilang mga *core subjects* sa kolehiyo. Ang nasabing hakbang ay maaaring magdulot ng unti-unting pagkawala ng mataas na kasanayan sa Filipino, lalo na sa akademikong diskurso (Tupas, 2015). Kaya naman, patuloy ang panawagan ng maraming kolehiyo at unibersidad na repasuhin ang batas upang muling maisama ang Filipino sa mas mataas na antas ng edukasyon.

**Corpus Planning: Kahalagahan ng Filipino sa Edukasyon**

Kinikilala ng pribadong kolehiyo na mahalaga ang Filipino sa mga programang pang-edukasyon upang mapanatili ang mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, at pananaliksik sa kanilang sariling wika (Gonzalez, 2012).

Ayon sa mga mag-aaral,

*"...kailangan jud namo og kanang subject nga dili lang pang-refresher pero subject nga ibalik mi kung unsa ang mga kailangan namo matun-an ug unsa ang mga phrase nga nalimtan na namo, labi na sa mga phrase sa elementary, dili na namo maremember tanan ma'am nu sa tanang namong na grasp na every thin information."* -MPK1

*("Kailangan talaga namin ng asignaturang hindi lang pang-refresher, kundi isang asignaturang magbabalik sa amin kung ano ang mga kailangan naming matutunan at kung anu-ano ang mga pariralang nalimutan na namin, lalo na yung mga parirala mula sa elementary na hindi na namin maaalala, ma'am. Sa dami ng mga impormasyon na aming natutuhan, hindi na namin kayang maalala lahat.")*

*"... kailangan po talaga na irekomenda na magkaroon ng sariling asignatura o subject po para pagtuunan po ng pansin ang paggamit po ng Filipino po, upang maging matatas po yung mga estudyante lalong-lao na yung mga Araling Panlipunan,"* -MPK3

Ayon sa pag-aaral ni Nolasco (2008), ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo ay napatunayang epektibo sa pagpapabuti ng pang-unawa ng mga mag-aaral sa iba't ibang asignatura. Dagdag pa rito, binigyang-diin ng UNESCO (2016) na ang paggamit ng unang wika o *mother tongue* sa pagtuturo ay nakakatulong sa mas mataas na antas ng literasi at mas epektibong pagkatuto.

**Corpus Planning: Pangangailangan para sa Estratehikong Paggamit ng Filipino**

Bukod sa pangkalahatang paggamit ng Filipino sa edukasyon, iminungkahi rin ang estratehikong paggamit nito bilang midyum ng pagtuturo sa Edukasyon sa Pagpapakatao (ESP). Ayon kay Sibayan (1999), ang



Filipino ay may malalim na kakayahan sa pagpapahayag ng mga konseptong moral, etikal, at panlipunan, kaya mas angkop itong gamitin sa mga asignaturang nakatuon sa pagpapahalaga at paghubog ng pagkatao. Ayon sa isang administrador,

*“We have to consider the values education will be the platform for the Filipino subject to be taught in that particular platform. So, why not a combination? You’re teaching values education by using the Tagalog, by using the Filipino. Or, even our native language, native dialect... because this is my...my ideal is masabtan gyud pag-ayo sa mga although adult na sila, because they are in the tertiary, it is a need for them tokana bang tawag nato kanang ah reminders to them, it is a constant reminder to them.”-APK1*  
*(“Dapat nating isaalang-alang na ang Values Education ay magiging plataporma para maituro ang asignaturang Filipino sa partikular na platapormang iyon. Kaya, bakit hindi na lang pagsamahin? Itinuturo ang Values Education gamit ang Tagalog, gamit ang Filipino. O kaya naman, ang ating katutubong wika o katutubong diyalekto... dahil ito ang aking pananaw — mas mauunawaan talaga ng mga estudyante, kahit na adult na sila at nasa tersaryang antas, dahil kailangan nila ito bilang paalala, isang patuloy na paalala para sa kanila.”)*

Sa elementarya hanggang sekundaryang edukasyon, ginagamit ang Filipino bilang midyum sa pagtuturo sa ESP upang mas madaling maunawaan ng mga mag-aaral ang mga konseptong pang-etika at panlipunan (Bernardo, 2011). Sa ganitong paraan, mas napapalalim ang diskusyon at naiuugnay ito sa tunay na buhay ng mga mag-aaral.

### **Corpus Planning: Panawagan para sa Pagbabalik ng Filipino sa Kolehiyo**

Maraming mag-aaral, lalo na ang mga nasa kursong edukasyon, ang nagpahayag ng kanilang pangangailangan na ibalik ang Filipino bilang asignatura sa kolehiyo. Ayon sa pag-aaral nina David et al. (2019), maraming guro sa Edukasyon sa Pagpapakatao (ESP) at Araling Panlipunan (AP) ang nakararanas ng kakulangan sa akademikong paghahanda sa paggamit ng Filipino sa kanilang pagtuturo.

Ayon sa administrador,

*“They have to look into, they conduct research something like this. They have to look into the data the result of the study for them to realize there is a necessity of reestablishing the Filipino subject as part of the curriculum in the tertiary, not only on the basic education.”- APK 1*

*(“Dapat nilang pagtuunan ng pansin, magsagawa sila ng pananaliksik tungkol sa mga ganitong bagay. Dapat nilang suriin ang mga datos at resulta ng pag-aaral upang mapagtanto nila na may pangangailangan na muling maibalik ang asignaturang Filipino bilang bahagi ng kurikulum sa tersaryang edukasyon, hindi lamang sa batayang edukasyon.”)*

Ganito rin ang naging panawagan ng mga mag-aaral,

*“...lain siya, unya ang kanang dili beneficial in any way ang ilahang removal sa language gud, ang sa subject. Even kanang gibaba lang gud nila? It should also be included in higher education. Kanang unsa man ang imohang course...”-MPK2*

*(“Iba siya, at hindi talaga kapaki-pakinabang sa anumang paraan ang pagtanggap nila ng wika at ng asignatura. Kahit na ibinaba lang nila, dapat pa rin itong isama sa mas mataas na edukasyon, anuman ang iyong kurso.”)*

*“pero para sakin po mahalaga pa rin na ilagay ulit yung asignaturang Filipino para sa Tertiary Education, upang magkaroon tayo ng well-grounded na perspektibo o kaalaman po ma’am sa paggamit ng Tagalog.”-MPK3*

Napatunayan sa pananaliksik na ang kakayahang magturo sa Filipino ay may direktang epekto sa pagiging epektibo ng isang guro sa pagpapaliwanag ng mga komplikadong konsepto sa kanyang asignatura (Tupas, 2015). Bukod dito, ayon sa *Philippine Institute for Development Studies (PIDS, 2020)*, ang kakulangan sa pormal na pagsasanay sa Filipino ay maaaring magresulta sa mababang antas ng kasanayan sa pagsulat at pananaliksik ng mga mag-aaral sa kolehiyo.

Dahil dito, muling nananawagan ang mga mag-aaral at ang institusyon na ibalik ang Filipino sa mas mataas na edukasyon upang tiyakin na ang mga magiging guro ay may sapat na kakayahan sa paggamit ng wika sa pagtuturo, lalo na sa mga asignaturang may kaugnayan sa kultura at pagpapahalaga.

## **Kaso 2- Pribadong Unibersidad**

### ***Mga hamon tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino***

Ang pag-aalis ng mga asignaturang Filipino ay nagbunga ng malalim na epekto sa iba't ibang aspekto ng edukasyon sa pribadong unibersidad. Nakaharap ang pribadong unibersidad sa mga hamon sa dimensyon ng *status, corpus, acquisition at prestige* sa pagpaplanong pangwika.

#### ***Status Planning: Limitadong Pagkakataon sa Karera ng mga Guro sa Filipino***

Kinikilala ng pribadong unibersidad na ang pagbawas sa paggamit ng Filipino sa mas mataas na edukasyon, lalo na sa kolehiyo, ay nagdulot ng limitadong pagkakataon sa karera ng mga guro sa asignaturang ito.

Ayon sa isang administrador,

*"...parang sampal masyado sa atin na endanger na yung mga teachers na nagtuturo ng Filipino kasi ayaw na ng mga bata ang Filipino ng major ng Filipino."-APU1*

Sa pananaw rin ng mga guro,

*"Unang una, isa ako na guro na nagtuturo dyan sa asignatura na yan so kaya nga from college nalipat ako ng senior high school. Binigyan ako ng office but ganon parin, may asignatura parin ako na itinuturo."-GPU1*

*"So unang una sa mga guro, syempre ang daming mga teachers ang wala ng subject na ituturo. So iba kasi yung nagmamajor ka ng ganyan kasi specialization mo yun tapos bibigyan ka ng asignatura na hindi mo nakasanayan."-GPU2*

*"Sa amin, nagkaroon kami syempre ng ano, nawalan kami ng oportunidad na manatili sa kolehiyo at maituro sa mga estudyante namin yong mga pangkolehiyong pag-aaral ng wika."-GPU3*

*"Pagdating ng kolehiyo, wala... Pwera lang kung magfi-Filipino major ka. Pero pag walang Filipino major sa eskwelahan, putol po. So, yon—oportunidad, intelektwalisasyon, pagtuturo ng wika, mas malalim na pagtuturo ng wika, at tsaka po yong pagtuturo ng kultura. Iyon po ang paniniwala kong nawala po."-GPU3*

Ayon sa CHED Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013, tinanggal ang Filipino bilang isang *core subject* sa kolehiyo, na nagresulta sa pagbawas ng demand para sa mga guro ng Filipino sa mas mataas na antas ng edukasyon (David et al., 2019). Sa isang pag-aaral ni Tupas (2015), natuklasan niyang maraming guro ng Filipino ang napilitang lumipat sa ibang larangan ng pagtuturo o maghanap ng alternatibong trabaho dahil sa limitadong oportunidad sa kanilang propesyon.

Dagdag pa rito, ayon kay Gonzalez (2012), ang pagpapalakas ng Ingles bilang pangunahing wika ng akademya ay nagdulot ng pagbaba sa bilang ng mga mag-aaral na kumukuha ng kursong may kaugnayan sa Filipino, na nagbunsod ng kawalan ng sapat na suporta sa mga guro sa larangang ito.

### **Corpus Planning: Labis na Pagbibigay-diin sa Ingles**

Nagkaroon ng suliranin sa pribadong unibersidad dahil sa labis na pagbibigay-diin sa Ingles bilang midyum ng pagtuturo.

Ayon sa pag-aaral ni Bernardo (2011), ang maraming pribadong unibersidad sa bansa ay mas pinapaboran ang Ingles dahil sa paniniwalang mas mataas ang antas ng edukasyon kung ito ay itinuturo gamit ang wikang ito. Subalit, ipinakita sa pag-aaral ni Nolasco (2008) na ang paggamit ng Ingles bilang pangunahing midyum ng pagtuturo ay nagdudulot ng mas mababang antas ng pag-unawa sa mga mag-aaral, lalo na sa mga kumplikadong konsepto sa agham at panitikan.

Para sa mga administrador,

*“So ironic na even lower kids in the elementary personally ako din no na hindi nakakapagsalita ating mga kids fluently ng Filipino pero makapagsalita I mean they can express more themselves in English than Filipino so parang nawawala yung kasarindan or identity natin nawawala sya..”-APU1*

*“...kailangan naming I develop yung 21st century skills ng mga bata. Hindi din namin pwedeng alisin yung we really have to teach also our students to speak in English kasi yung comprehension skills din kasi nila is medyo mababa din kasi parang ganon which are necessary parang magiging at para din yung ating mga graduates kasi some of them will really go abroad...”-APU2*

*(“Kailangan naming idevelop ang 21st century skills ng mga bata. Hindi rin namin pwedeng alisin ang pagtuturo ng Ingles sa kanila kasi kailangan din nilang matutong magsalita ng Ingles, dahil yung comprehension skills nila ay medyo mababa din, at ito'y mga kinakailangang kasanayan. Parang magiging ganon, at para din sa mga graduates natin, kasi ang iba sa kanila ay talagang pupunta sa ibang bansa.”)*

Para rin sa mga guro,

*“ So isa ako sa mga nagturo ng Rizal kaya di maiwasan lalo na sa mga estudyante natin ngayon na mas bihasa sila na magsalita ng English, mas gustuhin nilang magsalita ng English, parang ano ba, nagkaroon ng code-switching yung pagtuturo ng mga nabanggit na mga asignatura.”-GPU1*

*“...yung mga paghandang ginagawa nila, kagaya ng mga aklat, no, yong mga gagamiting mga references sa libro, isinulat po sa Ingles na lagi naman pong ganoon ang ano natin, suliranin natin sa ating sistema. Parang mas nagiging pinapahalagahan pa natin yong wikang Ingles kesa sa ating sariling wika.”-GPU3*

Dagdag pa ng mga mag-aaral,

*“For me, Miss, I prefer to have the materials in English, Miss. Kay if Filipino mang gud, Miss, mostly mas, honestly Miss, mas lisud man gud sabton ang ano Miss, ang Filipino words. Daghan kayo siyang mga kuti Miss ba. Tag-as kaayo, laglom kaayo 'g meaning kaysa sa English Miss na there will be an English word however they are simple to be use po.”-MPU1*

*(“Para sa akin, Miss, mas gusto ko po na ang mga materyales ay nasa Ingles. Kasi kung Filipino po, Miss, kadalasan po, sa totoo lang, mas mahirap po talagang intindihin ang mga salitang Filipino. Marami po siyang mga komplikasyon, Miss. Mataas po ang kahulugan at mas malalim po kumpara sa Ingles, na may mga salitang Ingles naman po na mas simple at madali gamitin.”)*

*“The biggest challenge po, I believe is yung insufficient skills or the knowledge about the language itself, yung Filipino talaga, in the case of the teacher as well as the students, since dominantly English talaga yung ginagamit talaga na medium of communication.”-MPU2*

*("Ang pinakamalaking hamon, po, ay ang kakulangan sa kasanayan o kaalaman tungkol sa wika mismo, ang Filipino, sa kaso ng guro pati na rin ng mga estudyante, dahil ang Ingles ang dominanteng ginagamit na medium ng komunikasyon.")*

Dagdag pa rito, ayon sa UNESCO (2016), mas epektibo ang edukasyon kung ang wika ng pagtuturo ay nakabatay sa wikang kinagisnan ng mga mag-aaral. Sa kaso ng Pilipinas, ang labis na pagbibigay-diin sa Ingles ay nagiging hadlang sa epektibong pagkatuto ng maraming Pilipinong mag-aaral.

#### **Acquisition Planning: Mababang Kasanayan sa Wika**

Suliranin ang mababang kasanayan sa wika ng mga mag-aaral dahil sa kawalan ng sapat na pagsasanay sa Filipino sa pribadong unibersidad.

Ayon sa pag-aaral ni Dekano (2015), ang pagbawas ng oras sa pag-aaral ng Filipino sa paaralan ay nagdulot ng pagbaba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsusulat at pagsasalita sa kanilang sariling wika. Pinatunayan din sa pananaliksik ng Philippine Institute for Development Studies (PIDS, 2020) na maraming mag-aaral sa kolehiyo ang may kahirapan sa paggawa ng mga akademikong papel sa Filipino dahil sa kakulangan ng sapat na pagsasanay sa wika sa mataas na edukasyon.

Ayon sa isang administrador,

*"...tendency kasi ng ating mag aaral ngayon na they are incline to speak in English tapos simple grammar sa Filipino hindi na din nila maihayag. Halimbawa na lang when they will get into the faculty room tapos magtatanong sila kung andyan ba ang teacher so they tend to para bang translate it in baroque style like 'meron po si teacher?', college students ba anong meron po si teacher pwede mag tanong na andyan po ba sya? So nakikita din talaga naming yung kahinaan ng mga estudyante sa pagsasalita ng Filipino."-APU1*

*("May pagkakataon kasi ang ating mga mag-aaral ngayon na mas gustong magsalita ng Ingles, tapos pati ang simpleng gramatikal sa Filipino ay hindi na nila maipahayag. Halimbawa, kapag pupunta sila sa faculty room at magtatanong kung andyan ba ang teacher, parang ipinapalit nila sa isang masalimuot na paraan tulad ng, 'Meron po si teacher?' Eh, college students na sila, bakit hindi na lang nila itanong ng direkta, 'Andyan po ba si teacher?' Kaya nakikita namin talaga ang kahinaan ng mga estudyante sa pagsasalita ng Filipino.")*

Sumasang-ayon din ang mga guro dahil,

*"Ang daming mga estudyante na may mga parents na kumukuha ng tutorial class ng Filipino ay gawa ng diba halos lahat ng mga nakikita natin na mga palabas sa English. Parang bata pa lang, parang sinanay sa mother tongue na naging English. Pagdating sa paaralan, sa classroom, so yun yung problema."-GPU1*

*"So, yon yong nangyari sa atin ngayon, uhm may kahinaan sa pagsusulat ang mga estudyante sa Filipino at yong kultura natin."-GPU3*

Sa pananaw rin ng mga mag-aaral,

*"...mura 'g naa goy barriers or gaps. Kay tungod ang high school is more on Filipino man, mas dali sya sabton. However, in college, Miss, diraa na ang gaps na kailangan ka na mag-adjust to understand the specific information in a matter of English language po."-MPU1*

*("Parang may mga hadlang o agwat. Kasi sa high school, mas nakatuon sa Filipino, kaya mas madali itong maintindihan. Pero sa kolehiyo, Miss, doon na nagsisimula ang mga agwat kung saan kailangan mo nang mag-adjust para maintindihan ang mga espesipikong impormasyon gamit ang wikang Ingles.")*

*"In academics po kay nay mga words na deep na talaga. Dili nami ka ano."-MPU2*

*("Sa akademya po, may mga salitang talagang malalim na. Hindi na namin kayang intindihin.")*

““For me academically, parang mahihirapan ako i-translate word by word yong mga concerns ng students ko at the same time ako rin pag nagsulat ako in Filipino parang struggle rin sa akin na mag provide ng quality output.”-MPU3

(“Para sa akin, sa akademya, parang mahihirapan akong isalin ng salita sa salita yung mga hinaing ng mga estudyante ko, at parehong pagkakataon, ako rin, kapag nagsusulat ako sa Filipino, parang isang pagsubok din sa akin na makapagbigay ng kalidad na awtput.”)

Bukod dito, ayon kay Tupas (2015), ang patuloy na pagpapalakas sa paggamit ng Ingles ay nagdudulot ng unti-unting pagkawala ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino sa pormal na diskurso, na maaaring humantong sa mas mababang pagpapahalaga sa sariling wika.

### **Prestige Planning: Pagkakadiskonekta sa Kulturang Filipino**

Ayon sa lumabas na pag-aaral sa pribadong unibersidad, ang pagbabawas ng paggamit ng Filipino sa mas mataas na edukasyon ay nagdulot ng pagkakadiskonekta ng mga kabataan sa kulturang Filipino.

Ayon sa mga administrador,

“...nagtaka at saka nanghihinayang kasi nga sariling wika natin tapos it's so ironic na parang karamihan sa ating mga estudyante ay hindi fluent sa pag speak ng ating sariling wika...”-APU1

(“Nagtataka at nanghihinayang kasi nga sariling wika natin, tapos nakatatawa kasi parang karamihan sa ating mga estudyante ay hindi magaling sa pagsasalita ng ating sariling wika.”)

“...parang nawawala yung kasarinlan or identity natin nawawala sya...”-APU2

Dagdag pa ng mga guro,

“Isa yun na issue. Bakit sa lahat, parang sampal o insulto para sa atin na tayo pa talaga dapat ang una na talagang dapat na yung magmahal sa wika natin. So dapat tayo yung gagawa ng paraan na pagyamanin natin at yung mas lalong payabungin natin yung ating wika. Bagkus, tayo pa yung parang gumawa ng paraan na mas lalo... especially sa mga estudyante natin.”-GPU1

“Kasi identity natin yan as a Filipino, as Filipino, na yung wika na ginagamit, diba? Hindi ko na sabihin na bakit yung ibang bansa naging die-hard sila sa kanilang wika. In terms of ekonomiya, bakit wala silang problema, diba? So bakit sa atin, kahit na sinabing tinanggal sya, mas lalo tayong nagkaroon ng problema sa ekonomiya ngayon.”-GPU2

Para rin sa mga mag-aaral,

“I feel disappointed kung nganong wala na gyud ang Filipino even in a subject like Rizal po Miss. Like mostly Rizal should be taught in Filipino po.”-MPU1

(“Nadidismaya ako kung bakit wala na talaga ang Filipino, kahit sa isang asignatura tulad ng Rizal, Miss. Karamihan po, ang Rizal ay dapat ituro sa Filipino.”)

“Hmm, kasi parang foreign yong pagsasalita ng Filipino.”-MPU2

(“Hmm, kasi parang banyaga yung pagsasalita ng Filipino.”)

“Parang ano po, ah, nong natanggal ang Filipino parang meron na din pong gap. Yung feeling po na parang meron na pong kulang kasi personally po, as a student, kahit English major po ako, I think yong pag natuto ka ng Filipino, talagang magfi-fill siya ng gap sa knowledge mo.”-MPU3

(“Parang ano po, ah, nung natanggal ang Filipino, parang meron na pong agwat. Yung pakiramdam po na parang meron na pong kulang, kasi personal po, bilang estudyante, kahit medyo sa Ingles po ako, sa tingin ko, yung pag natuto ka ng Filipino, talagang mapupunan nito ang agwat sa kaalaman mo.”)

Ayon sa pag-aaral ni Sibayan (1999), ang paggamit ng wika ay may malaking epekto sa pagpapahalaga ng isang indibidwal sa kanyang kultura. Kung mas binibigyang-diin ang Ingles sa edukasyon, may posibilidad na mas unahin ng mga mag-aaral ang kulturang Kanluranin kaysa sa kulturang Filipino.



Pinatunayan din ni Gonzalez (2012) na ang kakulangan ng akademikong paggamit ng Filipino ay nagdudulot ng pagbaba sa pagpapahalaga ng kabataan sa kanilang sariling panitikan, kasaysayan, at tradisyon.

Ayon sa UNESCO (2016), ang edukasyong nakaugat sa sariling wika at kultura ay may positibong epekto sa pagpapalakas ng identidad ng isang bansa. Kaya naman, mahalagang balansehin ang paggamit ng Ingles at Filipino sa edukasyon upang mapanatili ang koneksyon ng mga kabataan sa kanilang sariling kultura.

### ***Lahat ng Dimensyon: Minimal na Suporta ng Institusyon para sa Filipino***

Sa kabuuan, ang minimal na suporta ng mga institusyon para sa Filipino ay sumasaklaw sa lahat ng dimensyon ng pagpapalano ng wika—status, corpus, acquisition, at prestige planning—na siyang nagpapalala sa mga hamon na kinakaharap ng wika sa edukasyon.

Para sa isang administrador,

*"...wala na man masyadong concern ang ginawa lang ng school is buhayin lang sya at buhayin sya during mga activities halimbawa meron tayong buwan ng wika so nag-celebrate kami ng buwan ng wika but not to the point na parang creating special talaga na intervention para sa pagkawala ng subject na yan..."-APU1*

*("Wala na masyadong pag-aalala, ang ginawa lang ng paaralan ay buhayin siya at buhayin siya tuwing mga gawain, halimbawa meron tayong Buwan ng Wika, so nagdiriwang kami ng Buwan ng Wika, pero hindi hanggang sa punto na parang gumawa ng espesyal na hakbang para sa pagkawala ng asignatura na yun.")*

Dagdag pa ng mga mag-aaral,

*"Sa pagkaka-ano ko po, wala po."-MPU2*

*"Ahm, sa akin po, wala po. Wala po talaga kaming Gen.Ed na may...ang language po ay Filipino. English po talaga ginagamit po."-MPU3*

Ayon kay Tupas (2015), ang kakulangan ng suporta mula sa pamahalaan at akademikong institusyon sa Filipino bilang midyum ng pagtuturo ay nagdulot ng kawalan ng malinaw na direksyon sa pagpapaunlad ng wika. Sa isang pag-aaral ng PIDS (2020), natukoy na ang hindi sapat na pondo at programa para sa pagsasanay ng mga guro sa Filipino ay isa rin sa mga pangunahing dahilan ng pagbaba ng kalidad ng edukasyon sa wika.

Ayon kay Fishman (2006), upang mapanatili ang isang wika, kinakailangan ng patuloy na suporta mula sa pamahalaan, akademikong sektor, at lipunan. Kung patuloy na mawawalan ng suporta ang Filipino sa mga institusyong pang-edukasyon, maaaring humantong ito sa patuloy na pagbaba ng kasanayan sa wika at sa unti-unting pagkawala ng kahalagahan nito sa akademikong larangan.

### ***Mga pamamaraan o mekanismo sa pagharap sa mga isyu tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino***

Ang talakayang ito ay tumutukoy sa mga pamamaraan at mekanismo na ginagamit ng pribadong unibersidad sa pagtugon sa mga isyu na may kaugnayan sa kanilang programang pangwika matapos ang pag-aalis ng asignaturang Filipino. Ang mga pamamaraang ito ay naglalarawan sa mga pagsisikap ng institusyon sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng paggamit ng wikang Filipino sa kanilang mga programa.

### ***Corpus Planning: Paggamit ng Code-Switching***

Isa sa mga lumilitaw na estratehiya sa paggamit ng Filipino sa pribadong unibersidad ay ang lantaran at malawakang paggamit ng *code-switching*, o ang pagpapalit-palit sa paggamit ng Filipino at Ingles sa isang diskurso.



Lumitaw sa pahayag ng mga administrador na,

"...hindi din sya necessary na Filipino lang din maam pwede din kasi syang nagagamit si teacher ng dialect natin example Bisaya para ma deepen at maintindihan ng mag-aaral yung topic."-APU1

("Hindi naman kinakailangang Filipino lang, ma'am, maaari ding gamitin ng guro ang ating diyalekto, halimbawa Bisaya, upang mas mapalalim at maintindihan ng mga mag-aaral ang paksa.")

"Tapos sa pagdidiscuss naman although we don't encourage code switching pero pwede naman kasi na at the end pagkatapos mo sa English pwede kang magsasalita ng Filipino. We allow our students to still speak in Filipino."-APU2

("Tapos sa talakayan naman, kahit hindi namin iniwasan ang code-switching, pero pwede naman kasi na pagkatapos mong magsalita sa Ingles, maaari kang magsalita ng Filipino. Pinapayagan namin ang mga estudyante na magsalita pa rin ng Filipino.")

Dagdag pa ng isang guro,

"Depende din kasi yan sa teacher. Ang nakikita ko kasi parang yung understanding nila pag ginagamit mo ang Filipino, kung minsan mag-Taglish kami, Tagalog, Bisaya, at English. Kasi pag English or kahit na yung question mo English, kasi yun nga, yung mga materials, English nga ang ginagamit, but minsan sinasagot ka nila na Bisaya o Tagalog."-GPU1

Sa karanasan rin ng mga mag-aaral,

"Uhm, so far, Miss, kay code-switching siya. Like, naay gina-provide na example through Filipino. Tapos, naa poy gina-provide na through English. Like, code-switch lang po ang ilang instructional method."-MPU1

("Uhm, sa ngayon, Miss, kasi code-switching siya. Tulad ng may mga halimbawa na ibinibigay sa Filipino tapos, may mga halimbawa rin na ibinibigay sa Ingles. Parang code-switching lang po yung kanilang paraan sa pagtuturo.")

"In our class, Miss, kay gina encourage lang mi na mag participate in Filipino, but most of the time, naga code-switch mi kay dili nami kabalo sa uban na words in Filipino."-MPU2

("Sa klase namin, Miss, hinihikayat lang kami na makilahok sa Filipino, pero kalimitan, nag-co-code switch kami kasi hindi na namin alam ang ibang mga salita sa Filipino.")

"Sa discussion po namin, parang automatic na lang po ang pag-shift ng language. Like, kung mahirap ipaliwanag sa English, ginagamit ang Filipino o minsan, kahit Bisaya."-MPU3

("Sa talakayan po namin, parang awtomatiko na lang po ang pagbabago ng wika. Halimbawa, kung mahirap ipaliwanag sa Ingles, ginagamit ang Filipino o minsan, Bisaya.")

Ayon kay Bautista (2004), ang code-switching ay isang natural na linguistic phenomenon sa mga bilinggwal at multilinggwal na bansa gaya ng Pilipinas. Sa pag-aaral ni Tupas (2016), natuklasan niyang madalas gamitin ng mga guro ang code-switching upang mapadali ang paliwanag sa mga komplikadong konsepto, lalo na sa agham, matematika, at iba pang teknikal na larangan.

Gayunpaman, ayon kay Bernardo (2005), may dalawang pananaw tungkol sa paggamit ng code-switching sa edukasyon. Una, ito ay maaaring makatulong sa pagpapaliwanag ng mga mahihirap na paksa. Ngunit, ikalawa, maaari rin itong maging hadlang sa malalimang pagkatuto ng parehong wika, lalo na kung hindi natututunan ng mga mag-aaral ang tamang gamit ng Filipino at Ingles sa pormal na sulatin.

### **Corpus Planning: Impormal na Estratehiya sa Pagtuturo**

Bukod sa pormal na kurikulum, ang Filipino ay napag-aaralan din sa pribadong unibersidad ang Filipino sa pamamagitan ng impormal na estratehiya sa pagtuturo. Ayon kay Nolasco (2008), maraming guro ang

gumagamit ng malikhaing paraan upang maituro ang Filipino, tulad ng paggamit ng mga kwento, awit, at talakayan na hindi nakasulat sa tradisyunal na silabus.

Para sa isang administrador,

*"We don't really require them to really speak straight in English. From time to time, we allow our students to speak in Filipino."-APU2*

*("Hindi talaga namin ipinag-utos na magsalita sila ng direkta sa Ingles. Paminsan-minsan, pinapayagan namin ang mga estudyante na magsalita sa Filipino.")*

Para sa mga guro,

*"Pero kung minsan, pag i-Tagalog ko o halong Bisaya, magtawa sila. Kaya minsan nag-iisip ako, parang may problema ba doon sa discussion o yung sa language na ginamit? But kung magtatanong ako sa kanila, mas prefer nila yung Filipino."-GPU1*

*("Pero kung minsan, kapag nagta-Tagalog ako o halong Bisaya, tumatawa sila. Kaya minsan, naiisip ko kung may problema ba sa talakayan o sa wika na ginamit. Pero kapag tinanong ko sila, mas gusto nila ang Filipino.")*

*"Tayo din mismong mga ano, mga Filipino major, eh wag natin ituro lang yong mga leksyon bagkus mas lalo tayong ano palalimin natin; anong silbi nito sa lipunan, ano ang kahulugan nito bilang Pilipino, anong kultura ang kaakibat sa ating leksyon, para makita nila, maingganyo sila... na mag-aral sila ng ating sariling wika."-GPU3*

Sa karanasan din ng mga mag-aaral lumitaw na,

*"Ang among teacher, Miss, nag-a-adjust lang pud. If lisod sabton, mag-bisaya pud siya para mas dali namo masabtan."-MPU2*

*("Ang aming guro, Miss, nag-a-adjust din. Kung mahirap maintindihan, nag-bi-bisaya din siya para mas madali namin maintindihan.")*

*"May mga pagkakataon po na ginagamit ang Filipino sa pagsusulat ng reflections, lalo na sa mga subjects na related sa ethics or humanities."-MPU3*

*("May mga pagkakataon po na ginagamit ang Filipino sa pagsusulat ng mga repleksyon, lalo na sa mga asignaturang kaugnay sa etika o humanidades.")*

Ayon sa pag-aaral ni Sibayan (1999), epektibo ang impormal na estratehiya sa pagtuturo ng wika dahil ito ay nagiging mas natural at naaayon sa aktwal na paggamit ng wika sa pang-araw-araw na buhay. Halimbawa, sa pananaliksik nina Dayag at Dita (2012), natuklasan nilang ang paggamit ng *social media*, *vlogs*, at *text-based communication* ay nakakatulong sa pagpapalawak ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Filipino, kahit na hindi ito pormal na tinuturo sa loob ng klase.

Dagdag pa rito, ipinakita sa ulat ng UNESCO (2016) na ang *contextualized learning* ay mas epektibo kaysa sa strikto at pormal na paraan ng pagtuturo, lalo na sa mga asignatura tulad ng wika at panitikan.

### **Acquisition Planning: Pakikilahok sa mga Espesyalisadong Pagsasanay**

Isang mahalagang inisyatibo ng pribadong unibersidad ang pakikilahok ng mga guro sa espesyalisadong pagsasanay upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng Filipino.

Wika ng isang administrador,

*"meron kasi kaming 2 subjects na competency skills 1 and 2 ito kasi yung parang tantamount to review class. So pinag inam lang namin actually hindi nga I admit na hindi nga talaga sya enough no pero as of the moment yun ang ginawa naming venue for us para ma ano ang mga estudyante sa Filipino."-APU1*

*("Meron kasi kaming dalawang asignatura na competency skills 1 at 2. Ito kasi yung parang katumbas ng review class. Kaya pinag-inam na lang namin. Sa katunayan, inaamin ko na hindi nga talaga siya sapat, pero sa ngayon, yun ang ginawa naming paraan para matulungan ang mga estudyante sa Filipino.")*

Sa punto de bista rin ng mga guro,

*"Kailangan nating patuloy na mag-aral at dumalo sa mga seminar para mapabuti ang ating mga pamamaraan ng pagtuturo. Kaya, lagi akong sumasali sa mga pagsasanay tungkol sa makabagong teknolohiya sa pagtuturo ng wika."-GPU1*

*"Napakahalaga na makasali tayo sa mga 'workshop' tungkol sa paggawa ng mga epektibong materyales sa pagtuturo ng Filipino. Kaya, nagpunta ako sa seminar tungkol sa pag gawa ng mga interactive na lesson plan."-GPU2*

*"Binigyan kami ng mga training pag meron kaming gustong daluhan na mga pagsasanay sa wikang Filipino, eh sigurado po iyan. Palagi po kaming ano, handa po lagi sila na ipadala kami."-GPU3*

Sa karanasan ng mga mag-aaral lumitaw na,

*"Sa among university, Miss, naga offer sila ug mga speech competition nga ginapa gamit ang Filipino."-MPU2*

*("Sa aming unibersidad, Miss, nag-aalok sila ng mga kompetisyon sa pagsasalita na gumagamit ng Filipino.")*

*"Ngayon lang po talaga na nagre-review po kami para sa mockboard at oral revalida namin. Talagang ginamit yong gen.ed at particularly Filipino subject para po alam naming kung ano yong isasagot namin pagdating po sa board exam."-MPU3*

Ayon sa pag-aaral ni Gonzalez (2012), ang patuloy na pagsasanay ng mga guro sa Filipino ay mahalaga upang mapanatili ang mataas na antas ng pagtuturo sa wika. Sa Pilipinas, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at iba pang ahensya ay nagsasagawa ng mga *seminar* at pagsasanay upang palakasin ang kasanayan ng mga guro sa paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo.

Sa isang pag-aaral ng Philippine Institute for Development Studies (PIDS, 2020), natukoy na ang mga guro na dumaaan sa mas mataas na antas ng pagsasanay sa Filipino ay may mas epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng wika kumpara sa mga hindi nakatanggap ng sapat na pagsasanay. Ipinakita rin sa pananaliksik ni Tupas (2015) na ang patuloy na pagpapabuti ng pagsasanay ng mga guro sa Filipino ay nakakatulong sa mas mataas na lebel ng kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsusulat at pagbasa.

### ***Prestige Planning: Pagdiriwang ng Buwan ng Wika***

Isa sa pinakamahalagang inisyatibo na ginawa ng pribadong unibersidad upang mapanatili ang Filipino ay ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika, na isinasagawa rin ng iba't ibang institusyon sa buong bansa.

Para sa isang administrador,

*"... makikilahok parin kami we still have this buwan ng wika at sa panahon na ito ay we encourage our students to speak in Filipino. Yan lang sya so far."-APU1*

*("Makikilahok pa rin kami, mayroon pa kaming Buwan ng Wika at sa panahong ito, hinihikayat namin ang mga estudyante na magsalita sa Filipino. Yan lang siya sa ngayon.")*

Para sa mga guro,

*"Ang Buwan ng Wika ay isang magandang pagkakataon para maipakita natin ang ganda ng ating kultura at wika. Kaya, napakahalaga na aktibo tayong sumali sa mga programa at aktibidad."-GPU1*

*"Sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika, inaasahan ko ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa mga paligsahan sa pagtula, pag-awit, at iba pang mga aktibidad na nagpapakita ng ating pagmamahal sa wikang Filipino."-GPU2*

Para naman sa mga mag-aaral,

*"Buwan ng wika, Miss. Buwan ng Wika po, Agosto."-MPU1*

*"During Buwan ng Wika, Miss, we are required to use Filipino in our activities. Sa essay writing, speech, ug uban pa."-MPU2*

*("Sa Buwan ng Wika, Miss, kinakailangan naming gumamit ng Filipino sa aming mga aktibidad. Sa pagsusulat ng sanaysay, talumpati, at iba pa.")*

*"Ang isang paraan po talaga is pag Agosto po kasi Buwan ng Wika po iyan. Parang yon po talagang way ng institusyon para i-remind sa mga students, i-remind sa aming lahat na there's still Filipino, dapat na i-acknowledge namin yong Filipino language."-MPU3*

*("Ang isang paraan po talaga ay pagsapit ng Agosto po kasi Buwan ng Wika po iyon. Parang iyon po Talaga ang paraan ng institusyon para ipaalala sa mga estudyante, sa aming lahat na may Filipino pa rin, dapat kilalanin ang wikang Filipino.")*

Ayon sa CHED at DepEd (2021), ang Buwan ng Wika ay isang mahalagang okasyon upang ipakita ang halaga ng Filipino sa akademya, kultura, at pambansang identidad. Sa pag-aaral ni Sibayan (1999), natukoy niyang ang mga programang tulad ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay may positibong epekto sa pagpapahalaga ng kabataan sa kanilang sariling wika at panitikan.

Dagdag pa rito, ayon sa UNESCO (2016), ang mga ganitong uri ng pagdiriwang ay nakakatulong sa *language awareness* at sa pagpapalakas ng papel ng wika sa lipunan. Sa pamamagitan ng mga seminar, patimpalak sa pagsulat, pagsasadula, at iba pang aktibidad, nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa kahalagahan ng Filipino hindi lamang bilang isang asignatura kundi bilang bahagi ng kanilang pagkakakilanlan bilang Pilipino.

### ***Mga aral na mupupulot mula sa mga naging karanasan tungkol sa programang pangwika ng Pribadong Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino***

Ang mga realisasyon, aral, at pananaw ay nagpapakita ng mga natutuhan ng pribadong unibersidad na institusyon habang hinaharap nito ang mga hamon sa programang pangwika matapos ang pagtanggap ng Asignaturang Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga natutuhan, maaaring mapabuti ng institusyon ang kanilang mga programang pangwika bilang pundasyon sa pagpapaunlad ng kurikulum, alinsunod sa Artikulo XIV, Seksyon 6.

### ***Corpus Planning: Gumawa ng Kursong Filipino***

Isang mahalagang mungkahi ang paggawa ng kursong Filipino upang matiyak ang pagpapatuloy ng mataas na antas ng kasanayan sa wika.

Ayon sa pag-aaral ni Sibayan (1999), ang intelektwalisasyon ng Filipino ay nakasalalay sa pagsasama nito bilang isang akademikong asignatura sa kolehiyo. Dagdag pa ni Gonzalez (2012), ang pagkakaroon ng mas maraming kurso sa Filipino ay makakatulong sa pagpapayaman ng bokabularyo, gramatika, at teknikal na gamit ng wika sa iba't ibang larangan.

Para sa isang administrador,

*"This is my own point of view, kailangan talaga din na magkaroon ng kahit isang asignatura kahit na nga Gen Ed sa Filipino kasi nga tendency kasi ng ating mag aaral ngayon na they are incline to speak in English tapos simple grammar sa Filipino hindi na din nila mathayag."-APUI*

*("Ito ay ang aking sariling pananaw, kailangan talaga na magkaroon ng kahit isang asignatura, kahit na nga General Education sa Filipino, kasi ang kalimitan ng ating mga mag-aaral ngayon ay mas hasa sila na magsalita sa Ingles, tapos sa simpleng gramatika sa Filipino, hindi na nila maihayag.")*

Para sa mga guro,

*"So ano ba yung magiging bunga, ano ba yung magiging outcome lalo na hindi na sa atin, sa mga estudyante natin kasi identity natin yan as a Filipino, as Filipino na yung wika na ginagamit diba."-GPU1*  
*("So, ano ba yung magiging bunga, ano ba yung magiging kinalabasan, lalo na hindi na sa atin, kundi sa mga estudyante natin, kasi pagkakakilanlan natin 'yan bilang mga Filipino, bilang mga Filipino na ang ginagamit na wika, di ba?")*

*"Dagdagan, ang daming pwedeng pag-aralan kahit sabihin natin ang mother tongue sa grade school so ang mother tongue isa lang yan. So pwede syang I-continue ba ang curriculum lang especially sa major, himay-himayin lang sya, ayusin lang talaga, makita natin yun, yung ano lang talaga ba yung pagtutok lang dapat inupuan lalo na kung sino yung mga bihasa sa asignatura na ito, hinimay-himay kung ano yung mga dapat na ayusin para ma-solve."-GPU2*

*"Kaya doon nagdarasal pa rin kami na sana wag ibaba o may mag-iwan man lang baka meron pang mga pwedeng maiwan, no, na asignatura sa kolehiyo."-GPU3*

Lantad din sa mga mag-aaral na,

*"... yung natutuhan ko is that ang point dito na dapat mayroon continuity pa rin na i-offer pa rin siya sa college kasi to nurture those students na matutuhan pa rin yung Filipino, to give a chance pa rin. Siguro, hindi na lang yun siyang pabalik-balik na lesson, pero the higher level na Filipino siguro for college."-MPU1*

*("... yung natutuhan ko ay ang punto dito ay dapat mayroon pa ring pagpapatuloy, na ialok pa rin siya sa kolehiyo upang mapangalagaan yung mga estudyante na matutuhan pa rin ang Filipino, upang mabigyan pa rin sila ng pagkakataon. Siguro, hindi na lang yung paulit-ulit na aralin, pero ang mas mataas na lebel ng Filipino para sa kolehiyo.")*

*"Siguro, Miss, kung naa pa siya sa college, mas ma-explain pa og maayo, mas ma-appreciate pa namo siya kaysa karon kay nawala naman siya."-MPU2*

*("Siguro, Miss, kung nandiyan pa siya sa kolehiyo, mas maipaliliwanag pa ng maayos, mas mapahahalagahan pa namin siya kaysa ngayon kasi nawala na siya.")*

*"Iyon yong feeling na parang may naiwan kami na dapat kasali pa rin sa academic journey naming kahit ilang ... 3rd year or 2nd year, ma-experience man lang naming na matutunan naming about the Filipino subject o Filipino language."-MPU3*

*("Iyon yung pakiramdam na parang may naiwan kami na dapat kasali pa rin sa akademikong paglalakbay namin kahit ilang ... 3rd year o 2nd year, maranasan man lang na matutuhan namin tungkol sa asignaturang Filipino o wikang Filipino.")*

Sa kasalukuyan, tinanggal ang Filipino bilang isang core subject sa kolehiyo dahil sa CHED Memorandum Order (CMO) No. 20, Series of 2013, na nagdulot ng maraming diskusyon sa sektor ng edukasyon (David et al., 2019). Maraming iskolar at guro ang nanawagan sa muling pagbabalik ng Filipino sa kolehiyo, lalo na sa mga programang pang-edukasyon, upang matiyak na magiging mahusay ang mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino at iba pang mga kaugnay na paksa gaya ng Araling Panlipunan at Edukasyon sa Pagpapakatao (Tupas, 2015).



Sa pagsasama ng kursong Filipino sa kolehiyo, inaasahang magkakaroon ng mas malalim na pagtalakay sa kasaysayan, estruktura, at gamit ng wika, na makakatulong sa pagpapaunlad nito bilang midyum ng akademikong diskurso.

### ***Corpus Planning: Magdisenyo ng Edukasyong Sensitibo sa Kultura***

Ang pagdidisenyo ng edukasyong sensitibo sa kultura ay isang stratehiya upang matiyak na ang kurikulum ay tumutugon sa kontekstong panlipunan at pangkultura ng mga mag-aaral.

Ayon kay Nolasco (2008), ang isang *culture-sensitive curriculum* ay naglalayong isama ang lokal na panitikan, kasaysayan, at tradisyon sa mga aralin upang palakasin ang identidad ng mga mag-aaral. Sa pananaliksik ni Bernardo (2004), ipinakita niyang ang paggamit ng sariling wika at kultura sa edukasyon ay may positibong epekto sa *academic engagement at learning outcomes* ng mga mag-aaral.

Ayon sa isang administrador,

*“nakita ko rin personally yung need din talaga na pagtuunan or magbigay ng intervention sa ating mga sariling estudyante para totally ma-master din nila yung Filipino yung ating pambansang wika...”-APU2 (“Nakita ko rin sa personal yung pangangailangan na pagtuunan o magbigay ng interbensyon sa ating mga sariling estudyante para lubos na maging mahusay din sila sa Filipino, yung ating pambansang wika...”)*

Dagdag pa ng mga guro,

*“So ang akin kung siguro upuan ulit total pabago bago palagi man tayo umupo-upo after mga ilang years na ma-change ang curriculum. So saan sya pwede ipasok kasi kung talagang upuan yan sya tapos mag-invite ng mga teachers, ang daming pwedeng ilagay sa curriculum na mga subject ng Filipino.”-GPU1 (“Ang sa akin, siguro kung magbabago ulit, kasi pabago-bago naman tayo ng mga nanunungkulan, pagkatapos ng ilang taon ay magbabago na naman ang kurikulum. Saan siya pwedeng ipasok? Kasi kung talagang mag-aadjust, tapos mag-imbata ng mga guro, ang daming pwedeng ilagay na mga asignatura ng Filipino sa kurikulum.”)*

*“Kung sinabing paulit-ulit, pwede hindi paulit-ulitin ang paglagay. By level ba—ito sya sa grade school, ito sya sa junior high school, ito sya sa senior high school then sa college.”-GPU2*

*“Isa pang nawala sa amin eh yong pagtuturo ng kultura, kulturang Pilipino. Biruin mo yon... Ang pagtuturo ng Filipino, hindi lang ito tungkol sa wika kundi pati sa kultura natin bilang Pilipino. Kaya malaking kawalan talaga ang pagtanggap nito sa kolehiyo.”-GPU3*

Sa pananaw rin ng mga mag-aaral,

*“For me, Miss, ang key lesson na gi-provide sa university para I process ni sya kay kanang ilaha gung gina-enhance Miss. It’s not about the language itself but it’s about the value that even though giwala na gyud sya sa curriculum in college, the university allow us na i-promote ug i-value ang Filipino as our national language.”-MPU1*

*(“Para sa akin, Miss, ang pangunahing aral na ibinigay ng unibersidad para maproseso ito ay ang kanilang pagpapahusay, Miss. Hindi tungkol sa wika mismo, kundi tungkol sa pagpapahalaga na kahit na tinanggal na sya sa kurikulum sa kolehiyo, pinapayagan pa rin kami ng unibersidad na isulong at pahalagahan ang Filipino bilang ating pambansang wika.”)*

*“For me, Miss, ang Filipino dili lang sya language pero part pud sya sa culture nato. So kung mawala sya, mura’g mawala pud ang pagka-Pilipino.”-MPU2*

*(“Para sa akin, Miss, ang Filipino hindi lang sya wika kundi bahagi rin sya ng kultura natin. Kaya kung mawala sya, parang mawawala na rin ang pagiging Pilipino.”)*



Sa konteksto ng Pilipinas, ang *Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE)* ay isang halimbawa ng hakbang patungo sa edukasyong sensitibo sa kultura (UNESCO, 2016). Ayon sa ulat ng Department of Education (DepEd, 2017), ang paggamit ng Filipino at mga katutubong wika sa pagtuturo ay nagdulot ng mas mahusay na pag-unawa sa mga asignatura at mas mataas na antas ng literacy sa mga mag-aaral sa mababang antas.

Gayunpaman, sa mas mataas na edukasyon, mahalagang tiyakin na ang mga kursong Filipino ay may kaugnayan sa kasalukuyang kontekstong pangkultura at panlipunan, upang ito ay maging makabuluhan sa mga mag-aaral (David, 2019).

### ***Acquisition Planning: Magpatupad ng Balanseng Pagtuturo ng Wika***

Isa sa mga iminungkahing hakbang ng pribadong unibersidad ay ang pagpapatupad ng balanseng pagtuturo ng wika, kung saan binibigyang-pansin ang parehong Filipino at Ingles sa sistema ng edukasyon. Ayon sa pag-aaral ni Tupas (2016), mahalaga ang balanseng *bilingual education* upang hindi mapabayaang ang Filipino bilang isang intelektuwalisadong wika habang patuloy na tinatanggap ang Ingles bilang global na midyum ng komunikasyon. Sa kasalukuyan, maraming paaralan at unibersidad sa Pilipinas ang nagbibigay-diin sa Ingles bilang pangunahing wika ng pagtuturo, na maaaring magdulot ng pagbaba ng kasanayan sa Filipino (Bernardo, 2005).

Saad ng isang administrador,

*"We allow our students to still speak in Filipino. We don't really require them to really speak straight in English. From time to time, we allow our students to speak in Filipino."-APU2*

*("Pinapayagan namin ang aming mga estudyante na magsalita pa rin ng Filipino. Hindi namin sila hinihinging magsalita nang tuwid na Ingles. Minsan, pinapayagan namin silang magsalita ng Filipino.")*

Sa pananaw rin ng mga guro,

*"Hindi naman pabalik-balik. Pwede naman natin isabay sa globalisasyon yung Filipino kasi isa man tayo na kasama dyan para maging globally competitive tayo kaya nga hasain ng English, hasain din ng Filipino—ang pagsasalita ng English at pagsasalita rin ng Filipino. Pagkasabay, so pwede naman nating gawin, yun man ang ginagawa natin."-GPU1*

*"Eh paano ba natin mapapahalagahan ang sariling wika kung hindi ito naisasama sa mga pang-akademikong usapin? Parang napabayaang natin, kaya mas kumportable ang mga estudyante sa Ingles kesa sa Filipino."-GPU3*

Sa panig ng mga mag-aaral,

*"However, mas ginaano nilang students nga it's fine to use Filipino, it's fine to explain it in Filipino kay mao man jud na sya ang national language nato Miss. It promotes cultural and traditional aspect po."-MPU1*

*("Gayunpaman, mas hinihikayat nila ang mga estudyante na okay lang gumamit ng Filipino, okay lang ipaliwanag sa Filipino dahil iyon talaga ang ating pambansang wika. Pinapalaganap nito ang aspekto ng kultura at tradisyon.")*

*"For me, Miss, kung naa pa siguro siya sa college, mas kabalo pa mi mag balance sa Filipino og English."-MPU3*

*("Para sa akin, Miss, kung nandiyan pa siguro siya sa kolehiyo, mas magiging maalam kami kung paano balansehin ang Filipino at Ingles.")*

Ayon sa pananaliksik ni Mahboob & Cruz (2013), ang *translanguaging approach* o ang balanseng paggamit ng Filipino at Ingles sa loob ng klase ay mas epektibo kaysa sa striktong monolingual na paraan

ng pagtuturo. Sa pamamagitan nito, mas madaling naipapaliwanag ang mahahalagang konsepto habang hindi napapabayaang ang Filipino bilang isang midyum ng diskurso.

Dagdag pa rito, ipinakita sa ulat ng PIDS (2020) na ang mga bansang may bilinggwal o multilinggwal na sistema ng edukasyon ay may mas mataas na *literacy rate* at *cognitive flexibility* kumpara sa mga bansang mahigpit na nagpapatupad ng monolingwal na edukasyon.

### ***Acquisition Planning: Suportahan ang Pag-unlad ng Guro sa Wika***

Isang mahalagang aspekto na dapat tutukan ayon sa pribadong unibersidad ay ang suporta sa propesyonal na pag-unlad ng mga guro sa wika.

Ayon sa pananaliksik ni Gonzalez (2012), ang kalidad ng edukasyon sa Filipino ay nakasalalay sa antas ng pagsasanay at kasanayan ng mga guro. Sa Pilipinas, marami pa ring guro ang nangangailangan ng mas malalim na pagsasanay sa pedagohiya, akademikong pagsusulat, at pananaliksik sa Filipino upang mapanatili ang mataas na antas ng pagtuturo (Tupas, 2015).

Ayon sa isang administrador,

*"Tapos ano din maam parang wala masyadong training talagang Filipino walang Gen Ed na training na parang for example understanding the self the medium sa training is English man din wala man din syang Filipino so parang ganon we are used to discuss things in English siguro."*-APU1

*("Tapos, ano din ma'am, parang wala masyadong pagsasanay na talagang Filipino, walang Gen Ed na pagsasanay na parang pag-unawa sa sarili, ang daluyan sa pagsasanay ay Ingles din, wala man din siyang Filipino, kaya parang ganon, sanay kami na talakayin sa Ingles siguro.")*

Para naman sa mga guro,

*"Unang una sa mga guro, syempre ang daming mga teachers ang wala ng subject na ituturo. So iba kasi yung nagmamajor ka ng ganyan kasi specialization mo yun tapos bibigyan ka ng asignatura na hindi mo nakasanayan."*-GPU1

*"Binigyan kami ng mga training pag meron kaming gustong daluhan na mga pagsasanay sa wikang Filipino, eh sigurado po iyan... Palagi po kaming ano, handa po lagi sila na ipadala kami."*-GPU3

Dagdag ng mag-aaral,

*"So, kahit na nawala yung Filipino na asignatura or Filipino subject, mas pinaigting or mas in-empowered ng institution, such as encouraging you, students, to use the Filipino language in your classrooms, sa mga discussions, para hindi tuluyang makalimutan yung identity nyo as Filipino."*-MPU1

*("Para sa akin, Miss, kahit na nawala ang Filipino na asignatura, mas pinaigting o mas pinatibay pa ng institusyon, tulad ng paghikayat sa inyo, mga estudyante, na gamitin ang Wikang Filipino sa inyong mga silid-aralan, sa mga diskusyon, upang hindi tuluyang makalimutan ang inyong pagkakakilanlan bilang Pilipino.")*

Ayon sa ulat ng DepEd (2021), ilan sa mga programang makakatulong sa pag-unlad ng guro sa Filipino ay:

1. Mga seminar at workshop sa makabagong paraan ng pagtuturo ng wika.
2. *Scholarships* at *graduate studies* para sa mga guro ng Filipino.
3. Pakikilahok sa pananaliksik upang mapaunlad ang intelektuwalisasyon ng wika.
4. Gamitin ang teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino (hal. *online learning*, *digital modules*).

Sa pag-aaral ni Cruz & Poblete (2020), lumabas na ang mga gurong sumailalim sa mas mataas na antas ng pagsasanay sa Filipino ay mas may kakayahang gumamit ng epektibong estratehiya sa pagtuturo, gaya ng *multimodal learning*, *task-based language teaching*, at *collaborative learning*.

Dahil dito, mahalagang tiyakin na ang mga guro ay may sapat na suporta at oportunidad upang patuloy na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagtuturo ng Filipino.

### **Kaso 3- Pambansang Unibersidad**

#### ***Mga hamon tungkol sa programang pangwika ng Pambansang Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino***

Ang pag-aalis ng mga asignaturang Filipino ay nagbunga ng malalim na epekto sa iba't ibang aspekto ng edukasyon sa pambansang unibersidad. Nakaharap ang pambansang unibersidad sa mga hamon sa dimensyon ng *status, corpus, acquisition at prestige* sa pagpaplanong pangwika.

#### ***Corpus Planning: Kulang na Akses sa Filipino***

Isa sa mga pangunahing suliranin ng pambansang unibersidad ay ang kakulangan ng akses sa Filipino para sa mga may natatanging pangangailangan at dayuhang mag-aaral. Maraming materyales ang nakasulat sa Ingles, kaya't nagiging hadlang ito sa mas malawakang paggamit ng Filipino sa edukasyon at pang-araw-araw na buhay (Gonzalez, 2003).

Ayon sa mga guro,

*"Kailangan natin ng mas maraming mga aklat at sanggunian sa Filipino para sa iba't ibang larangan."-GPAU1*

*"Ang paggamit ng Filipino sa mga diskursong pang-akademiko ay limitado dahil sa kakulangan ng mga salitang pantumbas."-GPAU2*

Ayon sa mga mag-aaral, *"Sa tingin ko po ay kakulangan ng guro sa pagtuturo ng Filipino dahil po hindi po lahat ng guro ay nakaka... magaling sa Filipino or magaling magturo ng Filipino." -MPAU1*

*"Kapag ang mga estudyante naman .... pag ang program naman ay mas maraming deaf or mas maraming mga banyaga hindi nila ito binibigay ang mga subject na Filipino."-MPAU2*

Halimbawa, bagaman may mga pagsisikap na isalin ang mga aklat sa Filipino, nananatili pa rin ang kakulangan sa inklusibong mga mapagkukunan gaya ng braille sa Filipino, sign language na may *Filipino-based syntax*, at mga bilingual na materyales para sa mga dayuhang mag-aaral. Ayon kay Sibayan (1999), isa itong malaking hamon sa pagpapalakas ng Filipino bilang midyum ng komunikasyon at edukasyon.

#### ***Acquisition Planning: Makalumang Pamamaraan ng Pagtuturo ng Filipino***

Sa kaso ng Filipino, isa sa mga hamon na hinaharap ng pambansang unibersidad ay ang makalumang paraan ng pagtuturo, na madalas ay *memorization-based* at *grammar-focused*, sa halip na *communicative at interactive* na pamamaraan (Bernardo, 2007).

Ayon sa isang guro,

*"Natanong ko, ano kaya ang pinakadahilan bakit ganito yung nagiging gawi o pag-uugali ng mga mag-aaral kapag Filipino na ang asignatura? Bakit ganito sila kung mag-react, ano kaya ang salikr or rason bakit ganito ang kanilang attitude pagdating sa Filipino?"-GPAU1*

Dagdag pa ng mga mag-aaral,

*"Base po sa aking nakikita ngayon sa ating society ay dahil sa trends na meron tayo ngayon at dahil na din sa influence ng mga banyaga sa atin."-MPAU1*

*"Ngayon kasi po meron na tayong tinatawag na conyo, kung saan mini-mixed nila yung Tagalog tsaka Ingles which is confusing for me..."-MPAU2*

Ipinakita sa mga pag-aaral ni Tupas (2015) na maraming guro ang patuloy na gumagamit ng tradisyunal na *lecture-based* na pagtuturo, na hindi umaayon sa modernong dulog tulad ng *communicative language teaching (CLT)* at *task-based language learning (TBLT)*. Dahil dito, nawawalan ng interes ang mga mag-aaral at hindi nila nagagamit ang Filipino sa aktwal na komunikasyon.

***Prestige Planning: Kagustuhan sa Ingles***

Madalas ituring ang Ingles bilang simbolo ng mataas na estado at kaginhawahan, kaya't mas pinipili ito sa larangan ng edukasyon, trabaho, at opisyal na komunikasyon (Martin, 2014).

Ayon sa isang guro,

*"Ang Ingles ay mas ginagamit sa mga propesyonal na larangan, kaya mas pinipili ito ng mga mag-aaral."*-GPAUI

Ayon sa isang mag-aaral, *"Kung tayo nga ay least in comprehension in English bakit natin pinipilit yun ating mga sarili na umunawa sa Ingles kung pwede naman na umunawa muna tayo sa sarili nating wika."*-MPAUI

*"Isa sa mga balakid kung ... noong tinanggal na ng kataas-taasan na antas ang Filipino... noong tinanggal nila yun, nawalan na ng interes ang mga kabataan sa pag-unawa ng Filipino dahil nga naka-focus yung ating higher education sa Ingles..."*-MPAU2

Ipinapakita ng pananaliksik nina Tupas at Lorente (2014) na maraming Pilipino ang naniniwala na ang paggamit ng Ingles ay nagpapataas ng antas ng isang tao sa lipunan at nagbibigay ng mas maraming oportunidad sa trabaho. Dahil dito, nagiging hadlang ito sa ganap na pagpapatibay ng Filipino bilang pangunahing wika sa opisyal at akademikong larangan.

***Prestige Planning: Negatibong Pananaw sa Paggamit ng Filipino***

May negatibong pananaw din sa paggamit ng Filipino, lalo na sa pormal o propesyonal na mga konteksto. Ayon kay Gonzalez (2003), maraming Pilipino ang nakikita ang Filipino bilang makaluma o hindi makabago, kaya mas pinipili nilang gumamit ng Ingles sa akademya, negosyo, at teknolohiya.

Para sa mga mag-aaral,

*"May mga mag-aaral na nahihiyang magsalita ng Filipino dahil iniisip nilang 'baduy' ito."*-MPAUI

*"Kailangan nating baguhin ang negatibong pananaw ng mga tao sa paggamit ng Filipino."*-MPAU2

*"Dapat nating itaguyod ang pagmamalaki sa ating pambansang wika."*-MPAU2

Ang ganitong pananaw ay lumalakas dahil sa globalisasyon at kolonyal na impluwensya. Sa pag-aaral nina Sibayan at Gonzalez (2005), ipinapakita na kahit sa mga pormal na diskurso, madalas na mas pinahalalagan ang Ingles kaysa sa Filipino, na nagdudulot ng diglossia—isang sitwasyon kung saan ang isang wika (Ingles) ay mas ginagamit sa mataas na antas, habang ang isa (Filipino) ay itinuturing na mas mababa o impormal.

***Mga pamamaraan o mekanismo sa pagharap sa mga isyu tungkol sa programang pangwika ng Pambansang Unibersidad pagkatapos matanggap ang Asignaturang Filipino***

Ang talakayang ito ay tumutukoy sa mga pamamaraan at mekanismo na ginagamit ng pambansang unibersidad sa pagtugon sa mga isyu na may kaugnayan sa kanilang programang pangwika matapos ang pag-aalis ng asignaturang Filipino. Ang mga pamamaraang ito ay naglalarawan sa mga pagsisikap ng institusyon sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng paggamit ng wikang Filipino sa kanilang mga programa.

***Status Planning: Pagtatag ng Programang BSED Filipino***

Ang pagtatag ng programang BSED Filipino ay isang mahalagang hakbang sa pagpapalakas ng Filipino bilang akademikong wika. Sa pamamagitan ng programang ito, nagkakaroon ng komunidad ng mga mag-aaral na masigasig sa pagpapayaman ng wika, pati na rin ng mga guro na bihasa sa pagtuturo ng Filipino. Ayon kay Tupas (2015), ang pagsasama ng Filipino sa mas mataas na edukasyon ay may malaking papel sa intelektuwalisasyon ng wika. Ang pagkakaroon ng *Bachelor of Secondary Education major in Filipino (BSED Filipino)* ay isang hakbang tungo sa pagsasanay ng mga guro na may sapat na kaalaman sa pedagohiya, pananaliksik, at malikhaing pagsulat sa Filipino.

Ayon sa isang administrador,

*"Ang pagbubukas ng BSED Filipino ay isang malaking hakbang para sa ating departamento. Magbibigay ito ng pagkakataon sa mga mag-aaral na maging dalubhasa sa ating wika."-APAU1*

*"Kailangan natin ang mga kwalipikadong guro ng Filipino, at ang programang ito ang magsisiguro na magkakaroon tayo ng mga propesyonal na tagapagtaguyod ng ating wika."-APAU2*

Ayon sa isang guro,

*"Para sa akin, isa sa pinakamagandang nagawa ng paaralan ay ang pagkatatag ng BSED-FILIPINO."-GPAU1*

Ayon sa mga mag-aaral,

*"Nung ibinalik ng USEP yong BSED Filipino, yung mga estudyanteng parang may puso sa wika natin dito sa Pilipinas, lahat yun ay na-gather then naging estudyante sila sa USEP."-MPAU1*

*"Pina-follow ko sila sa Facebook dahil may mga words sila every week na tulad ng diary yan... kung ano yong tagalog ng diary .. talaarawan. May mga ganyan na mga platform na ginagamit nila online which is nakakatulong din for me... not just for me but for those students na hindi nila alam kung ano ba ang Tagalog ng... deep Tagalog ng ganito."-MPAU2*

Ayon kay Gonzalez (2004), mas maraming kurso sa Filipino ang dapat na ituro sa kolehiyo upang mapanatili ang mataas na antas ng kasanayan sa wika. Sa ganitong paraan, mas maraming guro ang mahahasa sa paggamit ng Filipino sa pagtuturo, hindi lamang sa asignaturang wika kundi pati sa iba pang larangan tulad ng agham panlipunan at edukasyon.

Sa pamamagitan ng programang BSED Filipino, matitiyak ang patuloy na produksyon ng mga guro na bihasa sa wika, na siyang magiging tagapagtaguyod ng Filipino sa sistemang pang-edukasyon.

### **Corpus Planning: Pagtuturo ng Ilang Kurso ng GE gamit ang Filipino**

Ang pagtuturo ng kursong Rizal at Purposive Communication gamit ang Filipino ay isang hakbang upang mapalakas ang intelektuwalisasyon ng wika.

Ayon sa Administrador

*"Ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng kasaysayan, tulad ng kursong Rizal, ay magbibigay-daan sa mga mag-aaral na mas maintindihan ang ating kultura at identidad."-APAU1*

*"Simulan na natin ang paggamit ng Filipino sa pagtuturo ng Malayuning Komunikasyon. Mas makakatulong ito sa mga mag-aaral na maipahayag ang kanilang mga ideya nang mas malinaw." -APAU2*

Dagdag pa ng isang guro,

*"Yung Gen.Ed po naming na Purposive Communication, ito po ay Malayuning Komunikasyon sa aming institusyon. Filipino po Talaga ang ginagamit namin mula sa kagamitang panturo tulad ng modyul hanggang sa loob ng wikang panturo sa silid-aralan."- GPAU1*

Ayon sa mga mag-aaral,

*"meron po kaming uhm subject na GE 111 na Purposive Communication in medium of Tagalog..."-MPAU1*

*"Meron kaming Rizal... Art and Works of Rizal. Nakadalawa din sila, nasa English at meron din yong medium naka-Tagalog ahh Filipino."-MPAU2*

*"Base po sa aking naalala, kami po na Bachelor of Special Needs Education galing po ako sa program na yan meron po kaming dalawa.. dalawang beses na po kaming may naka-experience na Tagalog.... Filipino yong subject namin. Yon na nga po 'yong Arts and Works of Rizal at tsaka yong Purposive Communication."-MPAU3*



Ayon kay Sibayan (1999), ang Filipino ay dapat gamitin sa mas mataas na edukasyon upang mapayaman ang corpus ng wika. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng *general education (GE) courses* sa Filipino, nagkakaroon ng oportunidad ang mga mag-aaral na mahasa sa akademikong pagsulat at diskurso gamit ang sariling wika.

Sa pag-aaral ni Bernardo (2007), ipinakita na ang paggamit ng unang wika sa pagtuturo ng akademikong asignatura ay may positibong epekto sa learning outcomes ng mga estudyante. Ayon din kay Nolasco (2008), ang paggamit ng Filipino sa GE courses ay nagtatanggal ng hadlang sa pag-unawa ng mga mahahalagang konsepto, partikular sa mga kursong Rizal at Malayuning Komunikasyon (Purposeful Communication).

Ang ganitong hakbang ay isang paraan ng pagpapayaman sa corpus ng wika, na mahalaga upang mapanatili ang Filipino bilang isang lehitimong akademikong wika.

### **Acquisition Planning: Mahigpit na Patakaran sa Wika sa Silid-Aralan**

Ang mahigpit na patakaran sa paggamit ng Filipino sa loob ng silid-aralan ay isang estratehiya upang mapanatili ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wika.

Ayon kay Mahboob & Cruz (2013), ang isang *structured language policy* ay maaaring makatulong sa pagpapataas ng kasanayan sa wika ng mga estudyante. Ang mahigpit na paggamit ng Filipino sa mga klase ay nagtataguyod ng *linguistic immersion*, kung saan mas nagiging komportable ang mga estudyante sa paggamit ng Filipino sa akademikong konteksto.

Ayon sa mga guro,

*"Sa loob ng silid-aralan, wikang Filipino ang gagamitin talaga. Ito ay para masanay ang mga mag-aaral sa paggamit ng ating pambansang wika."-GPAU1*

*"Kailangan nating maging konsistent sa pagpapatupad ng patakaran sa paggamit ng Filipino. Ito ang paraan upang mas mapalakas ang kanilang kasanayan sa wika."-GPAU2*

Ayon sa mga mag-aaral,

*"Nasa amin na lang din kung uunawain namin o hindi. Yong aming professor naman ay nagsasalita ng Filipino, yun nga po ay strikto siya dahil kinakailangan kaming mag-Tagalog kapag nagsta-start na yong klase niya."-MPAU2*

*"Okay so for me is nais ko pong ibahagi yung strategy ng aming professor nong first year kami... yong professor po kasi namin is isa sa rule niya ay kapag nag start na siya... kunwari.. start na sa klase namin. Hindi kami pwede.. hindi kami allowed na mag-English kahit na simple English lang like 'is,' 'like' mga ganyan. Kailangan nagsasalita kami ng Filipino."-MPAU3*

Sa pananaliksik ni Tupas (2016), ipinakita niyang ang paggamit ng Filipino bilang opisyal na wika ng instruksyon ay may positibong epekto sa *critical thinking at academic engagement* ng mga mag-aaral.

Ang pagpapatupad ng mahigpit na patakaran sa paggamit ng Filipino sa silid-aralan ay isang epektibong paraan upang maiwasan ang labis na pag-asa sa Ingles at mas mapatatag ang Filipino bilang isang midyum ng pagtuturo.

### **Prestige Planning: Pagdiriwang ng Buwan ng Wika**

Ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay isang mahalagang inisyatiba upang palakasin ang prestihiyo ng Filipino sa akademya at lipunan.

Ayon kay Fishman (1991), ang pagpapalakas ng prestihiyo ng isang wika ay nakasalalay sa mga pampublikong selebrasyon at adbokasiya. Ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay isang paraan upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral sa paggamit ng Filipino at upang ipakita na ang wika ay isang mahalagang bahagi ng pambansang identidad.



Ayon sa isang administrador,

*"Ang pagdiriwang ng Buwan ng Wika ay hindi lamang isang selebrasyon, kundi isang paraan upang itaguyod ang pagmamalaki sa ating pambansang wika."- APAU1*

Ayon sa isang guro,

*"Ang Buwan ng Wika ay isang pagkakataon upang ipakita ang kagandahan at kahalagahan ng ating wika at kultura. Lahat tayo ay inaanyayahang makilahok."-GPAU2*

Ayon sa isang mag-aaral,

*"Tulad sa aming unibersidad, meron lang kaming limang patimpalak na nakikita ko sa Buwan ng Wika. Ang isa dito ay ang dagliang talumpati, pagkukuwento, maikling kuwento, essay writing in Tagalog ... in Filipino, at meron din kaming pag-aawit na OPM."*

Ayon kay David et al. (2019), ang mga programang pangwika tulad ng Buwan ng Wika ay may positibong epekto sa pagtangkilik ng mga estudyante sa Filipino. Sa pamamagitan ng mga patimpalak, seminar, at iba pang aktibidad, mas napapalakas ang pagkilala sa halaga ng wika sa akademya.

### ***Lahat ng Dimensyon: Lantad na Suporta ng Institusyon para sa Filipino***

Ang lantad na suporta ng isang institusyon sa Filipino ay isang mahalagang hakbang upang mapanatili ang Filipino sa lahat ng aspekto ng pagpaplanong pangwika.

Ayon sa mga administrador,

*"Ang institusyon ay buong pusong sumusuporta Talaga sa pagpapalakas ng wikang Filipino. Ito ay makikita sa mga programa at patakaran na ating ipinapatupad." -APAU1*

*"Ang suporta ng ating administrasyon ay mahalaga sa tagumpay ng ating mga proyekto para sa Filipino."-APAU2*

Ayon sa guro,

*"Ang pagpapalakas ng Filipino ay isang kolektibong responsibilidad. Lahat tayo ay may papel na ginagampanan sa pagpapalaganap ng ating pambansang wika."-GPAU2*

Ayon sa mga mag-aaral,

*"So para po sa akin ay na-appreciate ko yung university namin na ibinalik nila o itinatag nila ang BSED FILIPINO."-MPAU1*

*"na-appreciate ko po ang inclusivity na meron kami dahil kinoconsider ng aming university na may mga estudyante na hindi nakakaintindi ng Filipino kaya't ginawan nila ng paraan na maitatag pa rin ang Filipino kahit na may ganyan na balakid."-MPAU2*

*"Yung university nga po namin ay mayroong dalawang keypoint: yong inclusivity at tsaka yung quality of education."- MPAU3*

Ayon kay Sibayan (1999), ang isang malakas na suporta mula sa mga institusyon ay isang mahalagang bahagi ng intelektuwalisasyon ng wika. Kapag ang isang unibersidad ay aktibong sumusuporta sa Filipino sa pamamagitan ng kurikulum, patakaran, at kultura, mas nagiging lehitimo ang Filipino bilang isang akademikong wika.

Ayon kay Bernardo (2004), ang suporta ng mga institusyon sa wika ay dapat sumasaklaw sa: *status planning* sa pagtatatag ng mga programang pang-Filipino tulad ng BSED Filipino, habang ang *corpus planning* ay nakatuon sa paggamit ng Filipino bilang midyum ng instruksyon sa pagtuturo ng mga asignatura. Kaugnay nito, ang *acquisition planning* ay nagsusulong ng mahigpit na patakaran sa pagtuturo ng Filipino sa silid-aralan upang mapalakas ang paggamit at pagkatuto ng wika. Samantala, ang *prestige planning* ay nakatuon sa pagtataguyod ng mga programang nagpapalakas ng pagpapahalaga sa Filipino, tulad ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

### ***Mga aral na mupupulot mula sa mga naging karanasan tungkol sa programang pangwika ng Pambansang Unibersidad pagkatapos matanggal ang Asignaturang Filipino***

Ang mga realisasyon, aral, at pananaw ay nagpapakita ng mga natutuhan ng pambansang unibersidad na institusyon habang hinaharap nito ang mga hamon sa programang pangwika matapos ang pagtanggap ng Asignaturang Filipino. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga natutuhan, maaaring mapabuti ng institusyon ang kanilang mga programang pangwika bilang pundasyon sa pagpapaunlad ng kurikulum, alinsunod sa Artikulo XIV, Seksyon 6.

### ***Status Planning: Negatibong Epekto ng Pag-tanggal ng Filipino***

Ang pagbabawas o pag-aalis ng mga asignaturang Filipino sa kurikulum ay may malalim na epekto sa kasanayan at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang sariling wika. Ayon kay Nolasco (2008), ang Filipino bilang wikang panturo ay may mahalagang papel sa pagpapataas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pag-unawa at kritikal na pag-iisip. Dagdag pa rito, binanggit ni Pascasio (2013) na ang pagsasantabi sa Filipino sa sistemang pang-edukasyon ay nagpapababa ng antas ng literasiya sa sariling wika at lumilikha ng distansya sa pagitan ng mag-aaral at kanilang pambansang identidad. Samantala, sa pag-aaral nina Bernardo et al. (2008), kanilang ipinakita na ang patuloy na pagbawas ng asignaturang Filipino ay may kaugnayan sa pagbaba ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa at pagsulat, na maaaring makaapekto sa kanilang pangkalahatang akademikong pagganap.

Ayon sa mga administrador,

*"Kapag binawasan natin ang espasyo para sa Filipino sa edukasyon, parang binabawasan din natin ang ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino."*-APAU

Ayon sa mga guro,

*"Ang pag-alis ng mga asignaturang Filipino sa kolehiyo ay isang malaking kawalan. Mawawalan ng pagkakataon ang ating mga mag-aaral na mas malalim na pag-aralan ang ating sariling wika at kultura."*-GPAUI

Ayon sa mga mag-aaral,

*"At nagiging problema ito dahil may mga ibang estudyante na hindi nakaka-unawa ng Filipino o hinihate ang Filipino dahil nga hindi nila ito mabilis maunawaan kahit na nasa high school or senior high school ito may mga teachers naman kasi po na hindi naman masyadong nagtatagalog sa loob ng aming silid-aralan."*-MPAUI

Ayon naman kay Tupas (2015), ang pagpapatibay ng Ingles bilang pangunahing midyum ng pagtuturo ay maaaring magdulot ng marginalisasyon sa paggamit ng Filipino at iba pang katutubong wika sa akademikong larangan. Ipinapakita rin sa pag-aaral ni Gonzales (1998) na ang mga bansang may matibay na pundasyon sa kanilang pambansang wika ay may mas mataas na antas ng pambansang kaunlaran, na nagpapahiwatig ng pangangailangang panatilihin ang Filipino bilang mahalagang bahagi ng kurikulum.

### ***Acquisition Planning: Makabagong Estratehiya para sa Filipino***

Sa mabilis na pagbabago ng teknolohiya, mahalagang gamitin ang makabagong estratehiya sa pagtuturo ng Filipino upang mapanatili ang interes ng mga mag-aaral. Ayon kay Prensky (2001), ang mga kabataan ngayon ay digital natives, kaya't mas epektibo ang mga estratehiyang gumagamit ng teknolohiya sa kanilang pagkatuto. Sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino, iminungkahi nina Alcantara at Atienza (2019) ang paggamit ng mga digital tool, gaya ng *multimedia presentations, interactive applications, at*

*gamification* upang gawing mas kaakit-akit at makabuluhan ang pagkatuto ng Filipino sa makabagong henerasyon.

Ayon sa mga guro,

*"Kailangan nating gumamit ng mga makabagong teknolohiya tulad ng multimedia at online platforms para mas maging kawili-wili ang pag-aaral ng Filipino."-GPAU1*

*"Alam mo. Tayong mga guro sa Filipino ay dapat mag-imbento tayo ng mga laro at interaktibong aktibidad na maghihikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang Filipino sa labas ng silid-aralan. Ang paggamit ng mga awtentikong materyales tulad ng mga pelikula, musika, at panitikan ay makakatulong sa mga mag-aaral na maunawaan ang konteksto ng paggamit ng Filipino."-GPAU2*

Ayon naman kay Castro et al. (2021), ang pagsasama ng teknolohiya sa pagtuturo ay may positibong epekto sa interes at pagkatuto ng mga mag-aaral, lalo na kung ang mga materyales ay naiaangkop sa kanilang digital na karanasan. Sa pananaliksik nina Dela Cruz at Javier (2020), kanilang natuklasan na ang paggamit ng *blended learning strategies*—pinagsamang tradisyunal na pagtuturo at paggamit ng *online platforms*—ay nagbubunga ng mas mataas na kasanayan sa Filipino, partikular sa pagsusulat at pagbabasa.

#### ***Acquisition Planning: Pagiging Inklusibo ng Wika***

Mahalaga rin ang pagiging inklusibo sa pagtuturo ng Filipino upang matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral na may iba't ibang kakayahan at karanasan sa wika. Ayon kay Gonzales (2016), ang paggamit ng mother tongue-based multilingual education (MTB-MLE) ay isang hakbang upang mas maging inklusibo ang edukasyon, lalo na para sa mga mag-aaral na may iba't ibang antas ng kakayahan sa Filipino. Sa pag-aaral nina Dekker et al. (2011), kanilang ipinakita na ang paggamit ng unang wika sa unang bahagi ng edukasyon ay nagpapataas ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral at nagbubunga ng mas mahusay na akademikong pagganap sa mas mataas na antas.

Ayon sa isang guro,

*"Ang pagkilala at pagpapahalaga sa mga iba't ibang barayti ng Filipino ay mahalaga para sa pagbuo ng isang mas malawak at inklusibong pagkakakilanlan."-GPAU2*

Ayon sa mga mag-aaral,

*"Sa tingin ko po meron po tayong tatlong binabasehan 'yong aming universidad. Una po ay ang mga estudyante na may kapansanan specifically sa deaf community sa aming school. Hindi po kasi sila nakakaintindi ng Tagalog kahit na sila ay nag sa-sign language into Filipino sign language ay hindi nila naiintindihan ang Tagalog. Kaya tina-transfer sila sa English. May mga estudyante din po na banyaga. Iyon nga po ay hindi sila pwede sa Tagalog kasi hindi nila naiintindihan ito."-MPAU1*

*"Base po sa aking experience ay ina-allow lang ni school na magbigay ng mga Tagalog na subject kapag ang isang program ay maraming mga estudyante na nakakaintindi ng Filipino. Kapag ang mga estudyante naman... pag ang program naman ay mas maraming deaf or mas maraming mga banyaga, hindi nila ito binibigay ang mga subject na Filipino dahil nga po ay gusto ni school ang maging pantay ang pagtuturo ng subject kung ano man ang subject na yan tulad ng purposive communication."-MPAU2*

Bukod dito, ipinapakita rin sa pag-aaral nina Cruz et al. (2020) na ang pag-aangkop ng mga estratehiya sa pagtuturo upang isaalang-alang ang wika at kultura ng mag-aaral ay nagdudulot ng mas malalim na pagkatuto at pagpapahalaga sa Filipino bilang isang wikang pambansa. Ayon kay Reyes (2018), ang pagbibigay-diin sa pagiging inklusibo ng wika ay mahalaga hindi lamang sa akademikong pag-unlad ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa kanilang emosyonal at sosyal na pagkatuto.

### ***Prestige Planning: Kahalagahan ng Filipino para sa Wika at Kultura***

Ang pagpapatibay ng Filipino sa sistema ng edukasyon ay may mahalagang papel sa pagpapanatili at pagpapayabong ng wika at kultura ng bansa. Ayon kay Constantino (1996), ang wika ay isang pangunahing instrumento sa pagtataguyod ng pambansang identidad, kaya't ang patuloy na pagpapatibay ng Filipino sa edukasyon ay hindi lamang tungkol sa kaalaman kundi pati na rin sa paghubog ng pagkakakilanlang pambansa.

Ayon sa isang guro,

*"Ang pagpapahalaga sa Filipino ay pagpapahalaga rin sa ating sarili bilang mga Pilipino, at sa ating natatanging kontribusyon sa mundo."-GPU1*

Ayon sa mga mag-aaral,

*"Isa sa mga balakid kung ... noong tinanggal na ng kataas-taasan na antas ang Filipino... noong tinanggal nila yun, nawalan na ng interes ang mga kabataan sa pag-unawa ng Filipino dahil nga naka-focus yung ating higher education sa Ingles."-MPAU2*

*"So it's a bad idea na ni-remove nila yung Filipino kasi nga po is mas maganda na unawain mo muna yung una mong lingguwahe before ang iba pa na lingguwahe."-MPAU3*

Sa pananaliksik ni Rubrico (2012), kanyang ipinakita na ang mas malakas na suporta sa wikang Filipino sa akademya at iba pang larangan ay nakatutulong sa pagpapanatili ng dignidad at pagpapahalaga sa kultura ng Pilipinas. Ayon kay Tollefson (1991), ang isang bansa na may malinaw na polisiya ukol sa wikang pambansa ay may mas mataas na pagkakaisa sa lipunan at may matibay na pundasyon para sa kaunlarang pang-ekonomiya. Sa ganitong konteksto, ang pagtataguyod ng Filipino sa edukasyon ay isang mahalagang hakbang tungo sa pambansang pagkakaisa at kaunlaran.

Sa pag-aaral nina De Guzman at Guillermo (2022), kanilang iminungkahi ang mas aktibong partisipasyon ng mga paaralan sa mga programang pangwika tulad ng Buwan ng Wika at mga seminar sa Filipino upang mapanatili ang prestihyo ng wika. Ayon naman kay Sibayan (1985), ang isang wika ay nagiging prestihyoso kung ito ay patuloy na ginagamit sa mga intelektuwal na diskurso at tinatangkilik ng akademikong komunidad, kaya't ang mga hakbang na nagpapatibay sa paggamit ng Filipino sa iba't ibang larangan ay may positibong epekto sa pag-unlad nito.

### ***Buod ng mga Natuklasan***

Ipinapakita ng komprehensibong pagsusuri na may sistematikong kakulangan sa pagpapalano at suporta para sa wikang Filipino sa edukasyon, na sumasaklaw sa apat na dimensyon ng pagpapalano pangwika: status, corpus, acquisition, at prestige. Ang mga kakulangang ito ay makikita sa limitadong oportunidad para sa mga guro ng Filipino, dominasyon ng Ingles sa edukasyon, kakulangan ng kasanayan sa wika, at negatibong pananaw ng lipunan sa paggamit nito.

Bilang tugon sa mga hamong ito, lumitaw ang mga alternatibong pamamaraan sa pagtuturo, kabilang ang pagtatag ng programang BSED Filipino, paggamit ng *code-switching* sa mga talakayan, pagtuturo ng mga asignaturang general education sa Filipino, at masiglang pagdiriwang ng Buwan ng Wika. Matapos ang pagbabago ng patakaran ng CHED at ang pagtanggap ng Filipino bilang mandatoryong asignatura, napagtuunan ng pansin ang negatibong epekto nito, ang pangangailangan ng pagpapanumbalik ng Filipino sa kurikulum, estratehikong paglinang sa wika, at pagpapahalaga sa wikang pambansa at kulturang Pilipino.

Ang mga natuklasang ito ay nagpapatunay na hindi sapat ang mga teknikal na solusyon lamang. Kinakailangan ang malawakang pagbabago sa mga institusyonal na pagpapahalaga, mga pamamaraan ng

pagtuturo, at ang pananaw ng lipunan upang mapagtibay ang Filipino bilang tunay na wikang pambansa sa loob ng sistema ng edukasyon at sa buong lipunan.

### Direksyon sa Hinaharap

*Implikasyon ng Teorya.* Ayon sa Language Policy and Planning (LPP) Theory nina Fishman at Cooper (1989), dapat pagtuunan ng pansin ang pagpapalakas ng Filipino sa edukasyon at lipunan sa pamamagitan ng pagpapatibay nito bilang wikang panturo, paglikha ng materyales at kurikulum sa Filipino, at pagsasanay ng mga guro. Mahalaga rin ang paggamit nito sa agham, teknolohiya, at batas upang mapalawak ang saklaw nito. Dapat ding isulong ang balanseng multilinggwalismo at mga patakarang pangwika na nagpapalakas sa identidad at pambansang kaunlaran.

Ang dominasyon ng Ingles sa edukasyon ay hamon sa pagpapatibay ng Filipino bilang wikang panturo (Tupas, 2015). Upang mapalakas ito, kailangang isulong ang mga batas na nagtataguyod sa paggamit nito sa edukasyon at iba't ibang larangan tulad ng agham, teknolohiya, at negosyo (Gonzales, 1998; Rubrico, 2012). Mahalaga rin ang pananaliksik sa epekto ng bilinggwal at multilinggwal na edukasyon upang matiyak ang epektibong pagtuturo (Bernardo et al., 2008). Ayon kay Nolasco (2008), ang pagpapatibay ng Filipino ay susi sa pambansang identidad at kaunlarang pang-ekonomiya.

Ang *corpus planning* ay nakatuon sa pagpapayaman ng Filipino bilang wika ng kaalaman (Kaplan & Baldauf, 1997). Mahalaga ang paglikha ng asignaturang Filipino sa mas mataas na edukasyon. Ang CHED Memorandum Order (CMO) Blg. 20, Serye ng 2013, Seksyon 1 ay nagbibigay-diin sa "*Filipino society and nation, where the individual is aware and proud of her/his collective identity, and able to contribute meaningfully to the development of Filipino society at local and national levels.*" Ngunit, hindi ito sinusuportahan ng kurikulum. Higit pa, kinakailangan din ito ng mga mag-aaral na magiging guro lalong lalo na sa mga programa na ang ginagamit na wikang panturo ay Filipino gaya ng Araling Panlipunan at Edukasyon sa Pagpapakatao. Nararapat din na lantad ang mga akademikong aklat, dyornal, at pananaliksik sa Filipino, pati na rin ang pagsasalin ng mahahalagang akda upang mapatatag ang intelektuwalisasyon nito (Constantino, 1996; Pascasio, 2013). Dapat ding palawakin ang digital na mapagkukunan tulad ng online dictionaries at e-learning platforms upang mapadali ang paggamit ng Filipino sa edukasyon (Alcantara & Atienza, 2019). Ayon kay Rubrico (2012), ang pagpapalakas ng Filipino sa akademya ay mahalaga sa pagpapanatili ng prestihiyo nito bilang pambansang wika.

Ang *acquisition planning* ay tumutukoy sa pagpapadali ng pagkatuto ng Filipino sa loob at labas ng edukasyon (Baldauf, 2006). Mahalaga ang pagsasanay ng mga guro, at patuloy na propesyonal na pag-unlad upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo (Cruz et al., 2020). Dapat ding palawakin ang akses sa Filipino, lalo na para sa mga may espesyal na pangangailangan at hindi likas na tagapagsalita (Dekker et al., 2011). Ang paggamit ng teknolohiya, multimedia, at interaktibong estratehiya ay makatutulong sa mas epektibong pagkatuto (Prensky, 2001). Ayon kay Reyes (2018), ang inklusibong edukasyon sa Filipino ay mahalaga upang mabigyan ng pantay na pagkakataon ang lahat ng mag-aaral at mapatatag ito bilang pambansang wika.

Ang *prestige planning* ay naglalayong palakasin ang imahe ng Filipino bilang isang prestihiyosong wika sa edukasyon, media, at kultura (Tollefson, 1991). Mahalaga ang kampanya sa media at pampublikong diskurso upang itampok ang halaga nito sa iba't ibang larangan (Bernardo, 2007). Dapat ding palawakin ang paggamit ng Filipino sa akademikong pananaliksik at opisyal na dokumentasyon upang mapatatag ang papel nito bilang wika ng karunungan (De Guzman & Guillermo, 2022). Ang mga programang pangkultura, tulad ng Buwan ng Wika at patimpalak sa pagsulat, ay nakatutulong sa pagpapataas ng



prestihyo nito sa lipunan (Sibayan, 1985). Ayon kay Constantino (1996), ang pagpapatibay sa Filipino ay mahalaga sa pagpapalakas ng pambansang identidad at diwa.

*Implikasyon para sa Pagsasanay.* Ang pagpapatupad ng patakarang pangwika sa Filipino ay may mahalagang implikasyon sa iba't ibang larangan. Sa larangan ng edukasyon, kinakailangang isama ang Filipino sa lahat ng Sistema ng edukasyon. Hindi lamang ito magtatapos sa *Senior High School*. Hindi lamang ito dapat sa mga kurso na espesyalisado sa wika. Kinakailangan din ang presensya nito sa lahat ng larangan, at paglikha ng mga pamantayan sa pagtatasa ng kasanayan sa Filipino sa akademikong konteksto.

Sa paghahanda ng mga guro, kailangang magkaroon ng malawakang pagsasanay sa Filipino para sa mga tagapagturo ng iba't ibang disiplina. Dapat din ang patuloy na propesyonal na pag-unlad na nakatuon sa pagtuturo ng nilalaman gamit ang Filipino, at ang pagkakaroon ng mga komunidad ng pagsasanay upang maibahagi ang epektibong estratehiya sa pagtuturo.

Sa pagbuo ng mga impormasyon, dapat bigyang-prioridad ang dekalidad na materyales sa pagkatuto sa Filipino. Kasama rin ang mga digital na plataporma para sa pagkatuto ng wika, at mga inisyatiba sa pagsasalin upang gawing mas madaling maakses ang pandaigdigang kaalaman sa Filipino.

Sa antas ng institusyon, kailangang patatagin ang pagpapatupad ng CHED Memorandum Order Blg. 20 (2013). Kailangan din ang pagbuo ng malinaw na gabay para sa integrasyon ng Filipino sa kurikulum ng mas mataas na edukasyon, at paglikha ng mga insentibo para sa pananaliksik at publikasyong akademiko sa Filipino.

Sa pagtutulungan ng iba't ibang sektor, mahalaga ang pakikipag-ugnayan ng mga institusyong pang-edukasyon, media, gobyerno, at pribadong sektor. Kailangan din ang pagtatatag ng mga konseho sa patakarang pangwika na may malawak na kinatawan, at pagsasagawa ng regular na talakayan hinggil sa pagpapatupad ng mga patakaran.

Sa pagsubaybay sa pagpapatupad ng polisiya, kailangang magtakda ng mga panukat upang masuri ang bisa ng patakarang pangwika. Dapat ding magsagawa ng regular na pagtatasa sa kasanayan sa Filipino, at itala ang pinakamahuhusay na estratehiya sa pagtuturo ng wika.

Sa panlipunan at pangkulturang aspekto, mahalagang isulong ang pagpapataas ng prestihyo ng Filipino. Ito ay sa pamamagitan ng mga kampanyang nagtatampok sa kahalagahan nito sa kultura at intelektuwal na larangan, pagbibigay ng plataporma para sa mga akademikong tagumpay sa Filipino, at mga programang nagbibigay ng pagkilala sa kahusayan sa wika.

Para sa inklusibong paggamit ng Filipino, kailangang bumuo ng mga estratehiya sa pagtuturo para sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan. Dapat ding lumikha ng mga suportadong kapaligiran para sa mga hindi taal na nagsasalita ng Filipino, at kilalanin ang multilingguwal na realidad ng lipunang Pilipino.

Sa digital at midya, kailangang palawakin ang presensya ng Filipino sa mga digital na plataporma at industriya ng libangan. Kinakailangan ang pagpaunlad ng mga teknolohiyang pangwika sa Filipino, at suportahan ang paglikha ng nilalamang Filipino sa iba't ibang anyo ng midya.

### ***Mga Hamon***

Isa sa mga pangunahing hamon ng pananaliksik na ito ay ang pagsasalin ng mga natuklasan sa mga konkretong rekomendasyong tumutugon sa partikular na pangangailangan ng mas mataas na institusyong pang-edukasyon, lalo na sa pagkamit ng *Sustainable Development Goal: De-kalidad na Edukasyon*.



Bagamat opisyal na wika, patuloy na nadodomina ng Ingles ang edukasyon, na nagmarginalisa sa Filipino sa mas mataas na antas ng pag-aaral (Tupas, 2015). Mahalaga ang *pananaliksik sa epekto ng multilinggwal na mga polisiya at muling pagtatasa sa CHED Memorandum Order No. 20 (2013)* upang matiyak ang papel ng Filipino bilang wikang panturo. Upang mapaunlad ito bilang intelektuwalisadong wika, kailangang tugunan ang kakulangan ng akademikong babasahin sa agham, batas, negosyo, at iba pa, gayundin ang *pagsusuri sa kalidad ng mga materyales, e-learning tools, at linggwistikang pagsusuri sa mga teknikal na bokabularyo*. Mahalaga rin ang pag-aaral sa *epekto ng code-switching at paghahambing ng tradisyonal at makabagong pagtuturo upang mapadali ang pagkatuto ng Filipino*, kasabay ng pagpapalakas ng teacher training programs Samantala, upang mapanatili ang mataas na antas ng Filipino sa akademya at lipunan, kailangang *pagtuunan ng pansin ang pananaw ng lipunan ng wika at ang epekto ng midya sa pagpapalakas ng paggamit nito*.

### Sanggunian

1. Aguinis, H., & Edwards, J. R. (2014). *Methodological concerns and advances in the study of contextualized work behavior: A review and future directions*. *Journal of Management*, 40(1), 194-228. DOI:10.1177/0149206313500492.
2. Barnawi O. Z. (2018). *Neoliberalism and English Language Education Policies in the Arabian Gulf*. London: Routledge. [Google Scholar]
3. Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. *Qualitative Research in Psychology*, 3(2), 77-101. DOI:10.1191/1478088706qp063oa.
4. Carlson, J. A. (2010). Avoiding traps in member checking. *The Qualitative Report*, 15(5), 1102-1113.
5. Cooper, R. L. (1989). *Language Planning and Social Change*. Cambridge University Press.
6. Cortes, E. L., Barrios, J. I., Booc, W. M., Catulong, S. L., Laguna, D. N., Gamboa, S. S., Gore, J. S., Date, A. S., & Aristoteles, N. B. (2024). *Danas ng mga Mag-Aaral sa Paggamit ng Wikang Filipino sa Asignaturang Filipino*. <https://doi.org/10.5281/zenodo.12575937>
7. Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). *Qualitative Inquiry and Research Design: Choosing Among Five Approaches*. Sage Publications.
8. Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). *Qualitative Inquiry and Research Design: Choosing Among Five Approaches*. Sage Publications.
9. Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2020). *Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches* (4th ed.). SAGE Publications.
10. Cruzes, D. S., & Dyba, T. (2020). *Research synthesis in software engineering: A systematic literature review of its methods*. *Information and Software Technology*, 123, 106293. doi:10.1016/j.infsof.2020.106293.
11. Denzin, N. K. (1978). *The Research Act: A Theoretical Introduction to Sociological Methods*.
12. Fishman, J. A. (1991). *Reversing Language Shift: Theoretical and Empirical Foundations of Assistance to Threatened Languages*. Multilingual Matters.
13. Finlay, L. (2002). *Outing 'the researcher': The provenance, process, and practice of reflexivity*. *Qualitative Health Research*, 12(4), 531-545. DOI:10.1177/1049732302012004005.
14. Flick, U. (2018). *An Introduction to Qualitative Research* (5th ed.). SAGE Publications.
15. Geertz, C. (1973). *The Interpretation of Cultures: Selected Essays*. Basic Books.
16. Holliday, A. (2007). *Doing and Writing Qualitative Research*. 2nd ed. Thousand Oaks, CA: Sage Publications.

17. Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). *Naturalistic Inquiry*. Sage Publications.
18. Lynch, M. (2016). Ethics in Research: A Guide for Researchers. *Research and Practice in Human Resource Management*, 24(1), 1-17.
19. Maxwell, J. A. (2012). *Qualitative Research Design: An Interactive Approach*. 3rd ed. Thousand Oaks, CA: Sage Publications.
20. McGraw-Hill. Finlay, L. (2002). *Negotiating the swamp: The opportunity and challenge of reflexivity in research practice*. *Qualitative Research*, 2(2), 209-230.
21. Merriam, S. B. (1998). *Qualitative Research and Case Study Applications in Education*. Jossey-Bass Publishers.
22. Merriam, S. B., & Tisdell, E. J. (2015). *Qualitative Research: A Guide to Design and Implementation*. 4th ed. San Francisco, CA: Jossey-Bass.
23. Patton, M. Q. (2015). *Qualitative Research & Evaluation Methods: Integrating Theory and Practice*. Sage Publications.
24. Robinson, O. C. (2014). *Sampling in Interview-Based Qualitative Research: A Sensible Approach*. *Qualitative Research in Psychology*.
25. Saldaña, J. (2016). *The Coding Manual for Qualitative Researchers*. Sage Publications.
26. Yin, R. K. (2014). *Case Study Research: Design and Methods*. Sage Publications.
27. Yin, R. K. (2017). *Case Study Research and Applications: Design and Methods*. 6th ed. Thousand Oaks, CA: Sage Publications.
28. Yin, R. K. (2018). *Case Study Research and Applications: Design and Methods*. Sage Publications.